Tomo XXXV Blg 1

Hunyo - Agosto 2010

Matanglawin







Lipad

The Scholars' Party

COLLEGE
COVERED
COURTS



08.27.10

FEATURING: BANDS
CELLPHONE RAFFLE
AND MANY MORE



Matanglawin

Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila

Tresa Valenton, BS Psy '11
Punong Patnugot

Dylan Kemuel Valerio, BS CS '11
Katuwang na Patnugot

Gerald Gracius Pascua, BS Ch '10 ACS '11
Nangangasiwang Patnugot

Robee Ilagan, AB PoS '11
Patnugot ng Sulatin at Saliksikan at
Patnugot ng Web-Nilalaman

Frances Pabilane, AB EuS '11
Tagapamahala ng Pandayan

Rico Esteban, BS CoE '12
Tagapamahala ng Pananalastas at
Ingat-Yaman

Jeudi Garibay, AB IS '12
Patnugot ng Sining

Jake Dolosa, BFA ID '11
Patnugot ng Lapatan

Joanne Galang, BS MIS '11
Patnugot ng Web-Teknikal

Hansley Juliano, AB PoS '11
Pangkalahatang Kalihim

SULATIN AT SALIKSIKAN
Mga Katuwang na Patnugot:
Tricia Mallari, Alfie Peña, Elroy Rendor

Camille Barredo, Arnold Lau,
Kristine Olanday, Karla Placido,
Miguel Rivera, Aiken Serzo,
Kristine Sonon, Luigi Moreno,
Regine Rostata

SINING
Katuwang na Patnugot:
Lala Lim

Bea Benedicto, Jansen Santos, Jam Chuah,
Larz Diaz, Elya Vera, Therese Reyes,
Justine Banedo, Trixia Wong,
Michelle Garcia, Alyssa Nicole Anatalio

LAPATAN
Josef Go-Oco, Eldridge Tan, Amanda Uy

WEB
Katuwang na Patnugot
Patrick Manalo

Mark Louie Lugue,
Faye Matuguinas, Jonathan Sescon
Fawn Yap, Hanna Adrias, Robin Perez

PANDAYAN
Katuwang na Patnugot:
Samuel B. Nantes

Alexi Calda, Charmagne Capuno,
Miguel Castriciones, Mayo Floro, Eliane
Miranda, Rexon See, Erika Wijanco

TAGAPAMAGITAN
Dr. Benjamin Tolosa,
Kagawaran ng Agham Politikal

LUPON NG MGA TAGAPAYO
Chay Florentino Hofileña,
Kagawaran ng Komunikasyon

Dr. Agustin Martin Rodriguez,
Kagawaran ng Pilosopiya

Gary Devilles,
Kagawaran ng Filipino

Mike Parker,
Programa ng Sining

Mula sa patnugutan

Dungis

Ayon sa Konstitusyon, pinagbabawalan ang papaalis ng Pangulo ng republika na magtalaga ng mga posisyon sa mga kagawaran at sangay ng gobyerno amimnapung (60) araw bago ang susunod na halalang pamapanguluhan. Sa taong ito, natapat sa ika-10 ng Mayo ang halalan kaya dapat mula ika-10 ng Marso hanggang sa pag–upo ng bagong halal na pangulo, wala nang mga panibago pang pagtatalagang magaganap. Dapat. Ngunit kung ibabatay sa mga pangyayaring natunghayan natin kamakailan, taliwas sa kung anumang dapat ang mga pagtatalagang naganap.


Hanggang sa huling araw na maari pang magtalaga noong ika-9 ng Marso, patuloy ang bultuhang pagpasok ng mga seleksyon ni dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa mga ahensya ng pamahalaan. Pagsapit ng ika-10 ng Marso at mabisa na ang ban, halos dalawang daan at limampung iba't ibang posisyon sa mga ahensya ng gobyerno ang naiwanan ng bahid ng isang rehimeng kung maaari lamang na hindi umalis, hindi talaga aalis.

May mga terminong magtatagal ng isang taon, anim na taon, at ilan pang taong hindi mabilang dahil kailangang hintayin pa na mag-sitenta (70) anyos ang itinalaga bago legal na mapaalis sa puwesto. Kung mayroon mang nagbubuklod sa kaso nilang lahat, iyon ang kanilang pagiging alyado sa administrasyong Arroyo.

Ipinilit silang lahat na makapasok upang makasigurong may anino ang administrasyong Arroyo hanggang sa administrasyong Aquino. Nalalagay sa alanganin ang mga pagkilos ng bagong administrasyon. Hanggang sa huling pagkakataon, nais pa ring mag-iwan ng bakas ng nakaraang rehimen. Para bagang ipinakikita sa komunidad ang pagiging tuso niya kahit wala na siya sa posisyon. Isa itong klasikong halimbawa ng "alimanguhan" sa larang ng politika. Lulubog na rin lamang ang dating may kapangyarihan, titiyakin at titiyakin niyang makapagdudulot pa rin siya ng danyos sa mga maiiwan sa itaas.

Sakali mang magpatuloy o tuluyan nang wakasan ang ganitong sistema, nararapat lamang na maging mapagmatyag.

Isang mapagpalayang pagbabasa sa inyong lahat. 



TANAWIN AT TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

TANAWIN NG MATANGLAWIN

Mapanghamon ang ating panahon.

Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang Matanglawin ay bumabangon upang tumugon.

Tumutugon ang Matanglawin, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kanyang bayan.

Ang Matanglawin ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at payabungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.

TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

Sa adhikaing ito, isinasabalikat ng Matanglawin ang mga sumusunod na sandigang simulain:

1. MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan - katotohanan lalo na ng mga walang tinig.

2. BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan - kabilang na ang kritisismo - ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.

3. HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anakpawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makatarungang balangkas ng lipunan.

4. TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng lipunan.

5. ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.

6. PAIGTINGIN ang kamalayang pampulitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.

7. IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pag-ibig na napapatupad ng katarungan.

TUNGKOL SA PABALAT



Kilala natin ang katurungan bilang walang pinapanigan. Mayroong mabilis at karampatang aksyon laban sa mga nagkasala. Mayroong malalim na pagtalima sa batas ng tao para sa tao. Mayroong tahimik ngunit marangal na pagpapatakbo sa mga hukuman. Ang mga ito dapat ang katayuan ng institusyong tagapagtaguyod ng hustisya.

Ngunit dahil sa pagkawalang-bahala sa dapat sanang sistemang mapangligtas sa naaapi at katakot-takot sa may sala, nandilim na ang ating pananaw sa hustisya. Tila ba nagkaroon na ng di-makitang anomalya sa pinanghahawakang libra. Tila ba may nanamantala sa hustisya at nanira ng piring nito.

Malamang, ang milyun-milyong maralita ang siyang tagilid at naisasantabi kapalit ang di-mapatid na kasakiman ng iilan.

Ang Matanglawin ang opisyal na pahayagang pang-mag-aaral ng pamantasang Ateneo de Manila.

Pagmamay-ari ng mga lumikha ang lahat ng nilalaman ng pahayagang ito. Pinahihintulutan ang lahat ng pagsipi sa mga nilalaman basta hindi nito sinasaklaw ang buong akda at may karampatang pagkilala sa mga lumikha.

Bukas ang Matanglawin sa lahat (Atenista man o hindi) sa pakikipag-ugnayan: pagbibigay o pagsasaliksik ng impormasyon, pagtatalakay ng mga isyu, o pagpapaalam ng mga puna at mungkahi ukol sa aming pahayagan.

Sa lahat ng interesado, mangyari lamang na tumawag sa (632) 426-6001 lokal 5449, magpadala ng text message sa (63927) 348-2233, o sumulat sa pamunuan ng Matanglawin, Silid-Publikasyon (MVP 201–202), Pamantasang Ateneo de Manila, Loyola Heights, Lungsod Quezon 1108.

Maaari ring bumisita sa www.matanglawin.org o magpadala ng e-mail sa pamunuan@matanglawin.org.

Kasapi ang Matanglawin ng Kalipunan ng mga Publikasyon (COP) ng Pamantasang Ateneo de Manila at ng Kalipunan ng Pahayagang Pangkolehiyo sa Pilipinas (CEGP).

NILALAMAN

SIGAW NG BAYAN

14 Haram
Ang lagay ng OFW sa Saudi

17 Pamanang Problema: Edukasyon
Mga kailangang lapatan pa ng solusyon

20 Piit na Malupit
Pagbisita sa ating mga bilangguan

MATA SA MATA

24 Talahib: Musikang Pinoy
Pakinggan ang "People's Music"

KILATISTA

31 Kwento Mo, Ihahayag Ko
Analisis sa mga panganib at kabutihang ng Citizen's Journalism

ESKINITA

36 Mahirap na ba magpa- "lagay"?
Isang palaisipan ukol sa kuwartong iniaabot

PULSONG ATENISTA

39 Takbuhan ng mga alanganin o alanganing takbuhan?
Pagkamusta sa Student Judicial Council ng Ateneo





Bea Benedicto

Dr. Mona D. Valisno at Bb. Anne Lan K. Candelaria, mga kinapanayam ng Matanglawin ukol sa isyu ng edukasyon sa Pilipinas

TAMPOK NA ISTORYA

8 Huklubang Hukuman
Isang pagsusuri sa sistema ng hustisya sa Pilipinas



Jake Dolosa

IBA PANG BAHAGI

4 Opinyon
Ligalig ng Laylayan
Nitrogliserina
Ikonoklastos

7 Tupang Ina

27 Talim ng Balintataw

34 Dugong Bughaw
Auto-Recovery File

41 Bagwis
Sa tambolistang masayang maitatawid ang pananghalian
Umbra
Balintataw
Jejemon

45 'tenista Nga

OPINYON

LIGALIG NG LAYLAYAN



TRESA VALENTON
tvalenton@matanglawin.org

TATAK-ATENISTA RAW

Hindi lamang sana sa teorya manatiling "magis" at "propesyunal para sa kapwa" tayong mga Atenista.

Pumasok ang taong akademiko 2010 kasabay ang pagkakaroon ng bagong administrasyon sa pamahalaang nasyonal at mga pamahalaang lokal. Bago rin maging ang administrasyon ng mga Paaralang Loyola, Sanggunian, at mga samahang pang-eskwela — may kani-kanyang mga layunin upang mapanatili ang pagiging "magis" at "propesyunal para sa kapwa". Wala akong tutol sa positibong ugaling ito, ngunit may ilan pa rin akong obserbasyong waring tumatalikod sa mga "slogan" ng Atenista.

Kakatwa ang mga naging aksiyon at pahayag ng luma at bagong Sanggunian. Maaalalang sumulat ang puno ng Sanggu noong isang taon kay G. Manuel Pangilinan at nakiusap na huwag siyang magbitiw sa puwesto makaraan niyang kumpirmahin ang paggamit ng ilang sipi ng mga impluwensiyal na personalidad para sa sariling talumpati sa Pagtatapos 2010. Interesante ang naging kilos na ito ng Sanggu (at ng ilan nilang kapwa-alumni na kinonsulta) na magbigay ng ganoong pahayag sa kabila ng integridad na isinusulong ng Pamantasan. Kasing-interesante rin ito ng pahayag ng isa pang kinatawan ng kasalukuyang Sanggu sa pagiging higit na mababaw umano ng mga suliranin sa nakaraang Halalan kung ikukumpara sa mga nagdaan. Kung dahil man sa naging parte ng hahalang ito ang ilang Atenista, isang malaking sampal ito sa limang milyong hindi nakaboto.

Isa pang puna ang ukol sa mga nakatalagang opisyal noong katatapos na linggo ng DiverseCity. Nakabibilib ang dami ng mga rekisitong kanilang hiningi mula sa mga lumahok na organisasyon. Ilan dito ang materyales para sa pananalastas at mismong recruitment, bond contract na nagkakahalaga ng P500, at listahan ng mga tumao sa booth para sa bawat araw. Nariyan din ang pagsasaad ng mga bawal tulad ng pagtao sa booth ng higit sa dalawang miyembro kada organisasyon. Bawal ding mamigay ng mga bagong isyu na lalagpas sa sampung libong piso ang opisyal na mga pahayagan. Kung hindi, may kaltas na P100 sa kada paglabag.

Maganda sana ang kanilang layuning mapasunod ng lahat ng kalahok. Ang tanong lamang, nasunod nga ba ang lahat ng ito? Hindi. Hindi rin malinaw sa mga organisasyon kung saan pupunta at gugugulin ang multa mula sa mga paglabag. Idagdag pa ang katagalan sa pagresponde ng mga opisyal sa mga tanong ng ilang kinatawan ng mga organisasyon kahit na may elektronikong grupo naman sila para sagutin ang mga ito. Di iilang pagkakataong sinubok ng mga kinatawan na maipaabot ang kanilang tanong kahit sa text, subalit wala umanong maaasahang magbigay-linaw.

Alinsunod rito, huwag na rin sanang maulit ang alingasngas sa Aegis. Napakaraming nagtapos nitong nakaraang Marso na abot-langit ang pagkadismaya sa taunang-aklat na nangangailangan ng matinding pagwawasto. Maaaring maunawaan na di-mabilang ang pinagkakaabalahan ng mga nasa huling taon ng kolehiyo, subalit hindi pa rin maikakailang may responsibilidad na inako ang mga nakatalaga rito. Wala rin naman silang ipinagkaiba sa mga ehekutibo ng bawat organisasyon na napagsasabay ang mga gawaing akademiko at gawaing organisasyon. Ngayong may bago nang mamamahala sa binabayarang taunang-aklat, ano kaya ang mga pagbabago (kung mayroon man)?

May naikwento rin ang kaibigan ko noong pumipili raw ng erya para sa immersion ang bawat grupo sa klase nila sa Teolohiya. May isang grupo umano ng mga kolehiyala ang mangiyak-ngiyak habang paimpit na sinasambit ang mga katagang, "Oh my God, I don't want to go there," tinutukoy ang erya ng mga kapatid nating Aeta sa Gitnang Luzon. Maaaring wala na si Tracy Borres, subalit parang nananatili ang ugaling elitista sa pamantasan. Nakatatakot ang ganitong uri ng pag-iisip dahil naisasantabi nito ang kabutihan ng mga nangangailangan habang lalong tumitindi ang bisang pampamanhid sa kamalayang sosyo-politikal.

Hindi lamang sana sa teorya manatiling "magis" at "propesyunal para sa kapwa" tayong mga Atenista. Huwag sana tayong makontento sa mga tatak. Tunay sana nating isabuhay ang mga inaasahan mula sa atin.

OPINYON

NITROGLISERINA



GERALD GRACIUS PASCUA
gpascua@matanglawin.org

"Everyone of school age will be in school, in an uncrowded classroom, in surroundings conducive to learning." – PGMA

ANG DAPAT NATING MATUTUHAN

Tanggapin na natin, nananatiling pribilehiyo ng iilan ang de-kalidad na edukasyon sa ating bansa. Ito ay sa kabila ng pagmamayabang nitong nagdaang administrasyon sa kanilang mga nagawa sa nakalipas na siyam na taon. Matatandaang kay raming matatamis na pangako ang binitiwan ni dating pangulong Arroyo sa larangan ng edukasyon, ngunit para sa nakararami, tila maasim ang bunga ng kaniyang mga salita.

Dinaan ng administrasyon sa estadistika ang pagpapatunay ng kanilang tagumpay. Mula 1,617 noong taong 2001, 227 na barangay na lamang ang walang pampublikong paaralan sa elementarya noong 2008, ayon ito sa DepEd. Sa loob ng siyam na taon, 107, 209 na silid-aralan ang naipatayo, dahil diyan, may 1 silid-aralan sa kada 39 na mag-aaral sa elementarya at 1 kada 55 naman mga mag-aaral sa hayskul. Ang hindi nabanggit sa mga datos na ito, may double at triple-shifting na nagaganap sa mga paaralan upang matugunan ang kakulangan sa silid-aralan. Humigit sa 18 milyong estudyante ang naghahati sa 429, 390 na silid-aralan sa bansa. Sa isang pampublikong paaralan malapit sa amin halimbawa, sumisinag pa lang ang araw ngunit nagsisimula na sa klase ang mga bata. 5:45 ng umaga pumapasok ang unang grupo ng mga mag-aaral at matatapos ng 11:45 upang magbigay daan sa ikalawang grupo. Higit na malala ang kalagayan ng mga paaralan sa mahihirap na probinsiya sa bansa. Galing na rin mismo sa DedEd, karaniwan na ang 82 mag-aaral sa hayskul sa iisang silid-aralan sa ARMM, samantalang hindi naman nalalayo rito ang sa NCR na 77. Ang nakasanayan kong mesa na para sa tatlo noon, ginawa na palang pang-apat ngayon.

Hindi lamang silid-aralan, maging mga aklat ay pinaghahatian pa rin. Isang Science book kada 2 estudyante, gayundin sa aklat sa Filipino. Isang Math book naman mayroon kada 3 estudyante. Malinaw na bigo pa rin ang pamahalaang Arroyo na matugunan ang suliranin sa libro. Maituturing itong isa sa mga dahilan kung bakit 66.33 lamang ang average sa National Achievement Test ng mga mag-aaral sa elementarya at 47.40 ang sa hayskul.

Paano pa ito kakayanin kung kinakapos din ang bilang ng mga guro kada mag-aaral. Nakakuha man ng 70,000 bagong guro ang DepEd mula 2001 hanggang 2009, hindi naman nito nahabol ang lumolobong bilang ng mga mag-aaral. Kulang pa rin ng humigit 54,00 guro ang mga pampublikong paaralan sa bansa. Masakit mang tanggapin, pinipili pa ng maraming guro na magturo sa ibang bansa kaysa rito. Laking gulat ko na karamihan sa mga guro ko noong elementarya ay wala na sa bansa ngayon. Maging mga mag-aaral, pinanghihinaan na rin ng loob. Mula 3.23% noong 2001, 14.88% na ang bahagdan ng out of school youth sa bansa.

Waring ginipit ng pamahalaan ang paggasta nito para sa edukasyon. Bagaman DepEd ang ahensiyang tumatanggap ng pinakamalaking hati sa pondo ng gobyerno (P161.19B), hindi hamak na maliit ito sa inilalaan pambayad utang ng bansa (P681.58B). Sa katunayan, napakalayo ng 2-3% inilalaan ng pamahalaan para sa eduksayon sa itinatakdang tamang alokasyon para sa edukasyon ng UNESCO na 6% ng kabuuang kita ng bansa o GDP. Kung pagbabatayan ang UNESCO, P25,307 ang inilalaan ng pamahalaan kada estudyante, ihambing natin sa ito P8,690 na kasalukuyang inilaaan (o ganap nga bang nailalaan?)

Maaari kong gugulin ang nalalabing oras sa pagtutuos sa mga bilang, ngunit malinaw nang malayo pa sa pagtatapos ang suliranin sa edukasyon. Kung nagrereklamo na ang marami sa atin sa hindi aircon na silid-aralan sa CTC, masyadong maagang 8:30 class, mabagal na wi-fi connection, o masikip na parking space, alalahanin nating 12 sa kada 100 estudyante lamang sa pampublikong paaralan ang nakapagtatapos sa kolehiyo, at higit pa sa mga iyan ang kanilang pinagdaanang mga problema. Taya ko, marami sa atin ang hindi naranasan ang ganitong paghihirap upang mairaos lamang ang pag-aaral. Ito ang ilan sa mga bagay na hindi natin magagawang matutuhan sa ating maluluwag na silid-aralan.

OPINYON

IKONOKLASTOS



HANSLEY JULIANO
hjuliano@matanglawin.org

MALAYA BA ANG BUHAY MO?

Hindi natin pinag-isipang lubha kung ano ba talaga ang mahalagang tignan at tugunan sa pakikisangkot sa lipunan.

Isinusulat ng inyong lingkod ang mga linyang ito sa bisperas ng pagtatapos ng pamamahala ni Gloria Macapagal-Arroyo, Pangulo ng Pilipinas sa loob ng siyam na taon. Damang-dama ang pagkasabik sa paglisan ng pinakamaligalig na Panguluhan sa panahong ito. Na higit pa ang kawalan ng tiwala sa kanya kaysa sa pinatalsik na Pangulong Joseph Estrada ay tandang ang pamahalaan ay hindi nagbukas sa kanyang mamamayan. Pinalala nito ang kawalang-tiwala sa mga institusyong pampamahalaan, at itinuring na krimen ang tumutol sa kawalang-katarungan at dakilain ang pagkakamal. Mas madaling dumaan sa butas ng karayom kaysa paaminin ang pamahalaan sa kanyang pagkakasala sa taumbayan.

Palasak na sa atin na sa mga ganitong sitwasyon ng kawalang-katiyakan, isinulat ni Andres Bonifacio, na "itinuro ng katwiran na tayo'y magkaisang-loob, magkaisang-isip at akala at nang tayo'y magkalakas na maihanap ang naghaharing kasamaan sa ating bayan." Hindi tayo nagkulang na bahain ang mga kalsada ng ingay, sigaw, kundi man tungayaw upang iwaksi ang mga pinuno't kawaning pampublikong maysala. Hindi tayo nangiming tawaging "Bastusang Pambansa" ang Kongresong walang-galang sa mga taong diumano'y kinakatawan. Agad tayong nanghilakbot at napoot sa mabagal na pag-usig sa mga Ampatuan na sa ati'y walang dudang may sala sa pamamaslang sa mga walang-laban sa Maguindanao.

Sa kabila nito, tila ang hirap sagutin kung bakit kahit ipinagmamalaki natin ang pagiging unang demokratikong bansa sa Asya, napakarami pa ring kawalang-katarungan ang nagaganap. Wala nang gana ang mga kababayan na baguhin ang sistema. Napakarami na ang walang bilib sa demokrasya.

Maraming tsuper ng taksi, tindera sa palengke, mag-aaral ng nursing, guro sa paaralan, CEO, maski Atenistang katabi mo na nagsasabing mas maganda pa ang panahon ni Marcos na walang katarungang-sibil; kahit papaano daw bumuti ang ekonomiya. Masyado raw madada ang tao. Kailangan ng disiplina't political will. Sumunod para maambunan ng grasya at makaahon sa dagat ng basurang pinagliliguan. Huwag na humingi ng karapatang hindi naman kailangan para mabuhay: sipag at tiyaga, at pagpapahalaga sa sarili lang. Tamad ang pupulutin sa kangkungan. O kaya, masyadong nagpakamartir, nagpakatanga, at sineryoso ang mga klase sa Pilosopiya at Teolohiya. (May sumeseryoso pa ba?)


Hindi man aminin, ang buhay sa ating lipunan at bansa ay hindi demokratiko. Na nasasabi mong wala kang pananagutan sa nanlilimos habang sumisipsip ng P200+ na mocha frappe sa Starbucks ay tandang wala kang nakikitang Diyos sa nagdurusa. Na nagagawa mong laitin ang bumoboto sa di mo gusto bilang hunghang ay tanda na ikaw ay walang paggalang sa pananaw ng iba. Na parang mas mataas ka sa iba.

Hindi natin pinag-isipang lubha kung ano ba talaga ang mahalagang tignan at tugunan sa pakikisangkot sa lipunan. Hindi sapat ang pagtatayo ng bahay na ipamimigay sa mga yagit. Bagaman tunay na tungkulin ng taong may pag-ibig sa kapwa ang magpakain kung may nagugutom, may sandaling tulad ng winika ni Slavoj Zizek na "ang magmasid at magmuni-muni gamit ang mapaghintay at mapanuring pagtanaw ang tanging 'praktikal' na magagawa." Huwag isiping maglimos lamang kung may gutom: sikapin nating abutin ang panahong walang maghihirap dahil sa gutom.

Marami ang umaasang lubha sa bagong administrasyon sa ilalim ni Benigno "Noynoy" Aquino III, na mawawakasan ang katiwalian at kahirapan sa kanyang paggabay. Nguni't habang nananatiling pansariling kapakanan ang lakad ng buhay ng mga mamamayan, lalo na ang may kakayanan at kaalaman upang tibagin ang mga pader na naghihiwalay sa mga tao, hindi nga nagkamali si José Rizal na sabihing "magiging mang-aapi ng bukas ang mga nagpapakaalipin ngayon."

TUPANG INA


PANG 234 ANG THE ATENEO SA ASYA DAHIL...
DRIVER'S ID
MAY DRIVERS ID AT BOOM GATES NA TAYO!
AT ANG BAGO NATING PRESIDENTE AY 'TENISTA NGA!


BLACK LANES AT DORM PASSPORT PA
SEC
FAURA
CTC
DORM PASSPORT


ATENEO



Huklubang Hukuman

Matandang Isyu ng Marhinalisasyon sa Hustisya sa Pilipinas

nina Robee Ilagan, Elroy Rendor, at Dylan Valerio
sining ni Jake Dolosa at Bea Benedicto
lapat ni Jake Dolosa

TUMATALIMA ang mabuting tao sa kahingian ng hustisya sapagkat hustisya ang tanda ng kapayapaan. Nasasambit man ito pauulit-ulit sa isip ng mamamayan, nananatili pa rin ang maraming batikos laban ang Panghukuman. Nariyan ang kabagalan ng mga kaso, akusasyon ng pandaraya, at mga hatol kung saan lantaran ang alingawngaw ng kuwarta't pagkakaibigan.

Nakasaad sa Saligang Batas Artikulo VIII Seksyon 1 na saklaw ng kapangyarihang panghukuman ang tungkulin ng mga hukuman ng katarungan na ayusin ang nangyayaring mga sigalot sa hurisdiksyon ng alin mang sangay ng pamahalaan nang naaayon sa batas. Bilang tanda ng isang matatag na demokrasya, ano na ang katayuan ng hustisya sa bansa?

KAGAWARANG PANGHUKUMAN

"Hindi dapat alisan ng buhay, kalayaan, or ariarian ang sino mang tao nang hindi sa kaparaanan ng batas, ni pagkaitan ang sino mang tao ng pantay na pangangalaga ng batas," ayon sa Konstitusyon. Bilang pangatlong sangay ng pamahalaan, ginagampanan ng hudikatura ang pagpapanatili ng hustisya para sa lahat nang naaayon sa mandato ng batas. Kasama sa malalaking gampanin nila ang pananatiling malinis ng gobyerno sa pamamagitan ng pagiging check-and-balance sa ehekutibo at lehislatibo.

Mula sa Korte Suprema hanggang sa lahat ng mas mabababang korte ayon sa katayuan: ang Sandiganbayan at Court of Appeals; ang Court of Tax Appeals, Regional Trial Courts, at mga Korte ng Shari'a; mga Municipal Trial Courts at Metropolitan Trial Courts – ang mga ito ang bumubuo sa hudisyal na sistema ng bansa. Sa bawat korte, may nakatalagang hukom na dirinig sa mga inihahaing kaso. Pinapanatili ng mga ito ang integridad ng batas.

Dahil dito, may pananagutan ang mga hukom na umiwas sa anumang pagkakataon upang maisulong ang personal na interes. Kung mapupuna, iniiwasan nila maski ang mga karaniwang pagtitipon, sapagkat maari itong pagmulan ng kritisismo sa kanilang pagpanig sa mga isyung kontrobersiyal ang konstitusyonalidad. Sa rami ng papeles na kanilang dapat basahin sa isang araw, kailangan ng matalas na pag-iisip at matinding pagkilala sa batas. Higit sa lahat, nangangailangan ito ng pagtalima sa prinsipyo.

KILOS AT DESISYON NG HUDIKATURA

Hindi kailang nagdulot ng malalaking kaganapan ang mga desisyon ng Korte Suprema. Noong naging bakante ang Malacañang dahil sa pag-alis ni dating Pangulong Joseph Estrada, hinirang ng dating Punong Hukom na si Hilario Davide si Gloria Macapagal Arroyo bilang bagong Pangulo ng Pilipinas. Bagaman maraming nilagpasang proseso ang ganitong hakbang, pansamantalang napatahimik ang mga taga-suporta ni Estrada, at nagdiwang ang mga kaalyado

THEY [JUSTICES] LIKE TO SAY THAT THEIR DECISIONS SPEAK FOR THEMSELVES AND THAT THE PUBLIC SHOULD THINK OF JUSTICES LESS AS INDIVIDUAL PERSONALITIES BUT MORE AS BELONGING TO AN INSTITUTION THAT FOCUSES ON THE LAW.
-MARITES DAÑGUILAN VITUG

ni Arroyo. Nagkaroon ng mabilis na lunas ang suliraning politikal. Naging simula ito ng siyam na taon ng panunungkulang pumapangalawa sa pinakamahaba. Ito rin ang panunungkulang tigib sa kontrobersiya. May papel ang Korte Suprema sa pagsasagot ng ilan dito.

Hindi malilimutan ang State of Emergency noong Pebrero 2006 matapos ilabas ang Proklamasyon 1017. Noong mga panahong ito, nauso ang paghuli ng walang warrant of arrest, pagpigil sa pamimigay ng permit para magkilos-protesta, at sapilitang pagbuwag ng mga ito sa tinatawag na calibrated preemptive response policy (CPR). Maximum tolerance pa ang tawag noon. Umalma ang maraming sektor sa lipunan, partikular na ang mga human rights at civil society groups na siya namang dininig ng Korte Suprema. Unanimous ang boto ng mga hukom sa pagtigil sa CPR, at sinabing wala itong lugar sa batas sa ngalan ng kalayaan.

Isa ring malaking desisyon ang pag-isyu ng temporary restraining order sa araw ng pagpirma sa Memorandum of Agreement on Ancestral Domain (MOA-AD) sa gitna ng gobyerno at MILF. Problematiko raw ang tinatalakay sa nasabing dokumento, na makapagtatalaga ng sariling teritoryo ang MILF, sariling kapulisan, kagawarang panghukuman, at lehislatura. Marahil ito raw ay maging sanhi ng pagkawatak-watak ng Pilipinas.

Kaya naman, binibigyang parangal at pagpapakilala ni Marites Dañguilan Vitug ang mga hukom sa kanyang librong The Shadow of Doubt. "Decisions of the Supreme Court bring stability to a country, or instability, in the case of political battles involving a collusion of Justices and vested interests."

Ngunit tutol dito si Atty. Jae de la Cruz ng Akbayan, isang partidong ipinaglalaban ang karapatan ng mga marhinalisadong Filipino. Aniya, "Ang katatagan ng lipunan ay nanggagaling sa ibaba, kung papaano ito nabibigyan ng serbisyo. Habang nakakakita ang mga sektor sa ibaba ng hindi tumatalima sa nakasulat na batas at ang mga tradisyunal na ideya ng social justice, mayroong problema. 'Yung kapayapaan na manggagaling doon, ilusyon iyon."

KALAGAYAN

Ipinakikita ng estadistika ang malaking pasanin ng hudikatura. Mayroon lamang isang hukom sa bawat 52,077 na Pilipino ayon sa talaan ng PCIJ. Ayon pa rito, 22% lamang sa Sandiganbayan, 32% sa mababababang korte, at 60% sa Korte Suprema ang mga kasong nareresolba. Ilan na rito ang mga kaso mula sa mga usapin sa lupa, sigalot sa gobyerno at mga pagsampa laban sa mga higenteng kumpanya.



Halimbawa ang tanggapan ng Sentro ng Alternatibong Lingap Panligal (SALIGAN), isang grupo para sa alternatibong pagtatanggol. Bagaman mayroong limang opisina ang SALIGAN – tatlo sa Maynila, isa sa Bicol at isa sa Davao, aminado si Atty. Aison Garcia ng SALIGAN, sa patuloy na pag-unti ng mga abogadong mayroong ganitong adbokasiya. Isang hamon rin para sa mga abogado ang pagpapanatili ng isang maaayos na pamumuhay na kalimitang hindi maibibigay kaagad ng alternative lawyering. Sa isang panawagan at hamon nabahagi ni Garcia na, "Dito sa Saligan, dati kami 22, ngayon 7 na lang, kasi nga pinili ng iba makasama doon sa mga mas malaki ang sweldo. Kailangan natin ng bago [henerasyon], na magpraktis ng alternative lawyering, sa parang ito higit na dadali ang pagpasok sa katarungan ng mahihirap, pagtatrabaho kasama



nila at pagpapalakas sa [boses ng] marhinalisado."

PARA SA ATIN NGA BA ANG HUDIKATURA?
Una, may intrinsikong teknikalidad ang sistema ng batas. Ang mismo umanong pag-intindi sa mga lehitimong papeles ay nangangailangan ng tulong mula sa mga manananggol. Napakahalaga rin ang kakayanang makapagbasa't makapagsulat sa Ingles. Kaya naman, kinakailangan pa ng mga maralita ang mga tagasalin ng mga dokumento para maipagtanggol ang sarili. Sa halip umanong bigyang-pagkakataon ang mga marhinalisado upang maintindihan ang kasong kinasasangkutan, nawawalan pa sila ng pagkakataon upang unawain ito. Ani ni dela Cruz, "Hindi nila maintindihan ang mga dokumento. Bigyan sila ng warrant of arrest, hindi nila maintindihan. Bigyan sila ng summons, kailangan pang itawag ang mga abogado para itranslate." Para sa kaniya hindi nabibigyan ng lakas ang nakararami.

Ayon din kay Garcia, may dalawang pangunahing marhinalisasyong nagaganap sa sistema—kakayahan sa pag-unawa ng batas, at kakayahang-pinansyal. "Matanggap lang nila ang isang papel na nagdedemanda sa kanila, matatakot na sila. Yung isa, ang cost, kasi magastos talaga ang isang kaso - ang isang litigation - ang pamasahe, xerox, pag-hire ng abogado."

Sa bansang talamak ang katiwalian at palakasan ng impluwensya sa pamamagitan ng kapangyarihan at pera, walang dudang mga marhinalisado ang palaging agrabyado. Ang korte ang takbuhan ng mga naaapi subalit isa sila sa mayroong tendensiyang kumiling sa nasa itaas. Susog ni Garcia, "masyado silang [Korte Suprema] nakatuon sa property rights, o 'yung kaunting utang, sasampahan ng kaso, makukulong ang nangutang na farmer, kasi kailangan ngang protektahan ang property. Ganoon pa rin ang attitude ng ating mga korte natin. Bihira lang ang mayroong pagtingin gamit ang katarungang panlipunan, at nasa nasa sistema rin kasi. Kaya kailangan baguhin na ang batas ng pamamalakad."

Bukod sa isyu ng marhinalisasyon, ibinahagi ni Garcia ang obserbasyon niya sa sistemang hudikatura ng bansa mula sa perspektibo ng isang abogado. Ayon sa kaniya, masasabi pa namang epektibo at sumusunod sa pormal na proseso ang ating mga hukuman subalit, marami pa ring backlogs ng kaso ani ni Garcia, "Makikita mo roon [QC RTC] piles and piles of cases. At prone pa rin sa corruption ang ibang mga huwes - nababayaran pa rin."

Ayon sa artikulong "The Arroyo Imbroglio in the Philippines" ni Paul Hutchcroft, makikita ang pagtatalaban ng mga pwersang lalong nagbibigay-tendensiya upang maitaguyod ang hustisya para sa iilan lamang. Makikita umano sa kasaysayan ng pormulasyon ng ating estado sa ating pagkakakalas sa mga kolonyal na kapangyarihan, pati na rin sa pagsusulong ng isang liberal na demokratikong lipunan. Dahil dito, iyong mga nasa itaas na rin ang nabibigyan ng pagkakataon sa paglago.

Isa pa umano ang labis-labis na pagpapahalaga sa pamilya at kaibigan na nagbubunsod ng cronyism. Kung bakit ang sistemang politikal ng Pilipinas ay laging may nakakawit na kakulangan ng "propesyonalidad", pagkakaroon ng mga relasyon padron-kliyente at ng mga magkakapamilya sa lehislatura, at mga midnight appointment sa hudikatura, lahat ito ay dahil sa pagpapahalaga sa personal na relasyon at waring pagtanaw ng utang na loob.



INAASAHAN KO NA MAPATUPAD ANG AGRARIAN REFORM. NANINIWALA AKO SA INDEPENDENCE NG MGA SANGAY - NA BINABOY NGA NI GMA, NA NAPAKALAKAS NG EXECUTIVE AT SINASAKLAWAN NA NIYA ANG JUDICIARY.

-JAE DE LA CRUZ NG AKBAYAN

Dahil dito, masasabing ang batas ay hindi para sa lahat.

HUSTISYA PARA SA LAHAT, DAPAT!

Impluwensiya ang pinakamabigat na kaaway ng hudikatura. Madalas, mabibigat ang implikasyon ng mga desisyon, kaya naman ilang ulit nang nagkakaroon ng hindi makatarungang magdinig sa mga kaso. Mayroon ding mga akusasyon ng pag-eendorso ng mga kaibigan. Maaaring tanda na ng pakikisabwatan ang tila'y inosenteng pakikihalubilo. Bilang kapuwa mga hukom, pinagsasabihan at minsa'y pinagmumulta ang mga napatunayang nagkamali. Ngunit, patuloy pa rin ang ligalig ng ilang hukom lalong lalo na kung malalaking tao ang kaharap.

Ayon kay de la Cruz, "Maaaring maimpluwensiya ang sistema. Kapag ginamit mo ang ganoong lente, marami kang makikitang patlang. Madalas, ang mga iyon ay tagilid para sa mga marhinalisado." Tinutukoy niya rito ang maraming kritika laban sa pormal na sistema, halimbawa na ang mga higenteng interes mula sa isang panig, mababagal na pamamalakad ng kaso, at kakayanan ng mga maralitang makakuha ng magaling na abogado.

Noon umanong nakaraang taon, nagkaroon ng kaso si de la Cruz sa Palawan tungkol sa agrarian reform. Matapos niyang magpasa ng memorandum noong Oktubre 2009, sinabihan lang sila noong Hunyo 2010 na hindi ito natanggap ng Court of Appeals kahit pa may hawak nang katibayan si de la Cruz. Nanakaw daw ang dokumento. "I was very upset. Wala naman kaming kakayanang magnakaw ng dokumento, wala rin kaming kilalang sindikato sa Court of Appeals... Mayroon pa ring harapang pandaraya."

Kaya naman, kapag lubusan nang naisasantabi ang interes ng mga marhinalisado, kinakailangan nang malawakang pagkilos. Naging saksi na ang Pilipinas sa martsa ng mga taga-Sumilao, Calatagan, Hacienda Luisita, Negros Occidental at iba pa. Ani de la Cruz, "Kailangan [nito] ng suporta ng mass movement sa ibaba." Susog pa ni De la Cruz, "Kailangan ng checks sa court. Courts should have better mechanisms to impose discipline on its ranks. Medyo mahirap rin kasi iyan, kasi kapag mula sa labas ang mga checks, may kompromiso sa integridad at kalayaan ng kultura, unless solid ang democratic systems."

SA MATA NG MGA TAGAPAGTANGGOL

Nagsisilbing tagapamigitan ang mga abogado ng mga ordinaryong mamamayan at ng hukuman. Silang mga nakakaalam at hasa pagdating sa konstitusyon at batas ang nagsisilbing gabay ng mga taong hindi aral pagdating sa karapatang dapat nilang tinatamasa. Hindi maiaalis na sa isang sistemang maaring maipmpluwensyahan ng kapangyarihan at pera mayroong nangyayaring marhinalisasyon. At ang mga abogado ang kauna-unahang saksi ng ganitong kawalang katarungan.

Bilang higit na pagtatanggol, hindi naman maaaring lahatin ang mga hukumang nababayran. Pansin rin naman ni Garcia ang magagaling na abogado at mga huwes. Ang problema lang para sa sektor ng lipunan na marhinalisado ay ang kaluwagan ng pagpasok nila sa sistemang pormal. Dagdag pa ni Garcia, "Kasi nga hindi naman sila sanay doon sa mga regulasyon. Matanggap lang nila ang isang papel na nagdedemanda sa kanila, matatakot na sila." Sa ganitong sitwasyon nananatili pa ring problema ang pagpasok sa sistema at balanseng pagtrato sa bawat isa.



Isa sa mga nagsusulong ng mga karapatan ng maralita sa hustisya si Atty. Jae de la Cruz, ng Akbayan

PATULOY NA PAG-ASA

Nang iwan ni Reynato Puno ang pagiging punong hukom, may ilang pagbabago sa Korte Suprema. Nasa balita ang paglapit ng SC sa mga tao sa pamamagitan ng mga social networking sites katulad ng Facebook at Twitter.

Ngayong mayroong bagong administrasyon, malaki rin ang ekspektasyon sa sangay ng hudikatura sa bansa. Sa pagkakatatag ni Leila de Lima bilang kalihim ng Department of Justice, inaasahang magkakaroon ng higit na pagtutuon sa mga kaso ng katarungang pantao at pagsasaalang-alang sa mga marhinalisado. Hinaharap man umano ng bagong administrasyon ang maraming batikos kay Corona sa kaniyang pagiging midnight appointee at ang kaniyang pagiging malapit kay Pangulong Gloria Arroyo, tinitingnan ito ni Garcia bilang isang hamon para sa pagbabago sa sistema ng panghukuman.

Ani Garcia, "Umaasa kami na mayroong mga pagbabago roon [DOJ], lalo na doon sa pagsolusyon sa mga extrajudicial killings, HR violations, at sa mga public attorneys – ang pagkakaroon ng mas marami para sa mahihirap."

Kapansin-pansin din umano ang internal na pagkilos ng Korte Suprema upang mapadali sa tao ang pagpasok sa pormal na sistema ng hudikatura, "Mayroon silang bagong rules ngayon 'yung Small Claims Court, kung saan pinasimplehan nila ang procedure, kung kaunti lang ang amount na ginagastos." Bukod rito nariyan din ang mga forum ni Justice Reynato Puno sa mga extrajudicial killings pati na pagbibigay atensyon sa mga kaso ng kalikasan.

Dagdag pa ni de la Cruz patungkol sa sistema ng hustisyang umiiral ngayon, "[Tungkol sa sistemang ginagalawan niya] Siyempre, kung hindi ka titigil at mag-iisip, baka masiraan ka ng bait... Parang ang mga aksyon mo hanapan mo ng lugar sa maliit na bahagi ng isang mas malawak na laban at [isiping] bahagi ka lamang ng isang mas malawak na hanay na nagtutulak ng pagbabago."

SANA AY MARAMING PUMASOK NA MGA ABOGADO, KASI KAILANGAN NG MGA ABOGADO PARA SA MAHIHIRAP, SA MARGINALIZED. KAKAUNTI LANG KASI ANG NAGPAPRAKTIS NG ALTERNATIVE LAWYERING. DITO SA SALIGAN, DATI KAMI 22, NGAYON 7 NA LANG, KASI NGA PINILI NG IBA MAKASAMA DOON SA MGA MAS MALAKI ANG SWELDO.

– AISON GARCIA, SALIGAN

HARAM: ANG LAGAY NG OFW SA SAUDI

nina Patrick Manalo at Regine Rostata
kuha ni Jake Dolosa at Bea Benedicto
lapat ni Jake Dolosa

KAHIRAPAN ANG PANGUNAHING dahilan kung bakit ninanais ng maraming Filipino ang magtrabaho sa ibang bansa bilang mga Overseas Filipino Worker (OFW). Ngunit kapalit ng magandang kinabukasan ay ang diskriminasyon at pagtrato sa mga Filipino bilang mas mababang lahi.

Ayon kay Carmelita S. Dimzon, ang kasalukuyang tagapangasiwa ng Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) at dating katuwang na tagapangasiwa ng Philippine Overseas Employment Administration (POEA), ang Kaharian ng Saudi Arabia ang bansang may pinakamaraming bilang ng Filipino na nagtatrabaho bilang mga OFW. Ayon sa tala ng POEA sa taong 2009, sa kabuuang mahigit 1.4 milyong mga OFW, halos 300,000 ang nasa Saudi, ang pinakamalaking bilang sa kahit anong bansa. Dahilan din ito upang sa Saudi maganap ang pinakamarami at pinakahuling insidente ng diskriminasyon laban sa mga Filipino.

KALAGAYAN NG MGA OFW SA SAUDI

Limang taon nang nagtatrabaho sa Saudi bilang nars sa isang ospital ng militar si Gina Rostata. Ayon sa kanya, napakalaking hamon ang pagtatrabaho sa isang bansang napakaraming bawal.

Sa ospital na kanyang pinagtatrabahuan, hindi umano basta-bastang makalalapit ang isang kawani sa kanyang employer, dahil kailangang magpatala muna ng opisyal na appointment. Dagdag pa niya, "Sa [mga] kasamahan kong OFW, hindi [man] magandang pakinggan pero may nagsisiraan sa trabaho. Mahirap magtiwala." Dobleng pag-iingat, pagdarasal, at pagpapasensya ang kanyang ginagawa dahil kaunting pagkakamali lamang umano ay maaari silang pauwiin bigla. Malala umano ang diskriminasyon laban sa mga Filipino sa Saudi. Kuwento ni Rostata, kapansin-pansin ang hindi pagturing nang pantay at maayos sa mga Filipino kumpara sa ibang lahi. Aniya, mas mataas ang sahod ng ibang banyagang trabahador kaysa Filipino; mas maganda ang accommodation o tirahan ng iba; kaunting mali ng Filipino, pauuwiin agad, ngunit binibigyan ng pagkakataon kapag ibang lahi; may curfew ang mga Filipino, samantalang wala ang iba. Dagdag pa niya, may mga pagkakataon pang pagagalitan sila sa harap mismo ng pasyente.

Ibinahagi rin ni Rostata ang mga karanasan ng ibang mga kakilala niyang OFW sa Saudi. Aniya, may mga Filipinong domestic helper (DH) na kung hindi sinusuwelduhan nang wasto ay sinasaktan ng kanilang amo. Dumadalaw umano sa ospital na kanyang pinagtatrabahuhan ang ilang DH upang sabihan siya at ang mga kasamahan niyang Filipino tungkol sa pagmamaltratong nararanasan nila. Dagdag pa ni Rostata, may ilan ding mga Filipino ang nagtatangkang uminom ng lason para lamang makapunta sa ospital, at nang sa gayo'y masabi sa mga Filipinong nars ang kalagayan nila.

Ngunit sa kabila ng lahat, alam ni Rostata na may patutunguhan ang kanyang mga pagtitiis—para umano iyon sa kanyang pamilya dito sa Filipinas. Gaano man niya gustuhing umuwi at pagsilbihan ang sariling bayan, gaano man kalungkot mawalay sa sariling pamilya, at gaano man kahirap magtrabaho sa isang lugar na hindi maituturing na sarili, wala umano siyang magawa dahil ang pagiging OFW ang tumutulong sa kanyang buhayin ang kanyang pamilya.

SA KASALUKUYAN

Ibinalita ng GMA 7 noong ika-2 ng Hunyo ng kasalukuyang taon ang tungkol sa pagpapalabas ng embahada ng Saudi ng isang memorandum tungkol sa mga OFW. Iminungkahi ng gobyerno ng Saudi sa mga recruitment agency sa Filipinas na maghigpit umano sa pagtanggap ng mga aplikanteng OFW batay sa seksuwalidad . Kaugnay ito ng pagbabawal umano ng gobyerno ng Saudi sa LGBT (lesbian, gay, bisexual, and transgender) na magtrabaho sa kanilang bansa.

Sa isang panayam, sinabi ni Jeal Bryan



Solis, tatlong taon nang nars sa Saudi na naging mahirap ang unang tatlong buwan niya doon. Noong una ay napagsabihan pa umano siya ng punong nars (head nurse) dahil mas mabagal pa siyang kumilos kaysa sa mga babae niyang kasamahan, ngunit nalampasan din naman niya ang matamang pagmamatyag sa kanya ng punong nars. Dagdag pa niya, naging malaki ang tulong na ginampanan ng ilang mga Filipino roon upang magtagal siya sa ospital kung saan siya nagtatrabaho.

Natural lamang umano para kay Jeal, isang homoseksuwal, ang diskriminasyon sa trabaho at lipunan ayon sa seksuwalidad, kung kaya't walang kaso sa kanya ang inilabas na memorandum ng gobyernong Saudi. Sabi pa niya, "haram" ("bawal" sa wikang Arabe) talaga ang mga bakla at tomboy sa Saudi, pero wala naman itong ipinagkaiba sa diskriminasyon laban sa mga probinsyano kapag sila ay nagtatrabaho halimbawa sa Maynila. Aniya, "Bahagi na ng [ano mang] lipunan ang diskriminasyon." Dagdag pa niya, nagsikap makapunta ang mga Filipinong manggagawa sa Saudi upang magtrabaho, kaya mas pagtutuunan na lamang nila ng pansin ang maayos na paghahanapbuhay at wastong pagkilos, dahil mahalagang igalang ang mga batas ng bansang kanilang pinagsisilbihan.

LOKAL NA REAKSYON

Ayon kay Dimzon, hindi dapat tingnan sa usapin ng hustisya ang inilabas na memorandum ng gobyernong Saudi. Iba umano ang lipunang Filipino sa lipunang Arabe; liberal ang Filipinas, mahigpit ang Saudi. Nagkakaiba rin umano ng namamayaning kaisipan at paniniwala ang dalawang bansa. Sumusunod sa batas Shari'ah ang Saudi, na mahigpit na nagbabawal sa pagpapakita ng homoseksuwal na asal. Aniya, hindi maaaring pangunahan ng mga Filipino ang desisyon ng gobyernong Saudi, dahil "kung ano ang makatarungan para sa kanila, ay maaaring hindi makatarungan para sa atin."

Dagdag pa niya, pinaaalalahanan ng OWWA ang mga paalis na OFW tungkol sa mga dapat at hindi dapat nilang gawin sa bansang kanilang pagtatrabahuhan.



Nagbibigay umano ang OWWA ng predeparture orientation sa mga OFW, at dito nila sinasabi sa mga magtatrabaho sa Saudi, halimbawa, na bawal doon uminom ng alak, bawal magdala ng rosaryo, bawal sumama sa babae o lalaking hindi asawa, bawal magkaroon ng maingay na party, bawal magdamit-babae ang isang lalaki. Sabi niya, "Makatarungan ba [ang paghuli sa mga baklang nagdadamit-babae sa Saudi] ? Para sa [mga Arabe], makatarungan iyon dahil bawal [ang ginagawa nila]."

Ibinahagi rin ni Dimzon na kung minsan ay may pagkakamali rin ang mga Filipino. Halimbawa sa isang tirahan ng mga lalaki, may makikita ang mga pulis na nakasampay na panloob ng babae tulad ng bra at panty, natural umanong magsuspetsa ang mga ito, dahilan upang hulihin ang mga nakatira doon. Tanong niya, bakit pinababayaan ng mga Filipinong mangyari iyon, gayong alam naman nila na bukod sa bawal ang pagpapakita ng pagiging homoseksuwal ay malupit din ang mga pulis doon?

DISKRIMINASYON

Ayon kay Danton Remoto, ang tagapamahala ng grupong Ang Ladlad na may adbokasiya para sa karapatan ng LGBT, karaniwan nang makakita ng insidente ng diskriminasyon laban sa LGBT sa Filipinas, tulad ng sa ibang bansa, kung kaya't ang pakikibaka laban sa diskriminasyon ay nagsisimula at patuloy pa ring ginagawa sa bansa. Nakalagay umano sa konstitusyon ang pantay-pantay na pagtingin sa lahat ng Filipino pagdating sa oportunidad na makapagtrabaho. Karapatan umano ng bawat Filipino ang mamuhay nang matiwasay at magkaroon ng maayos na hanapbuhay, kung kaya't patuloy na isinusulong sa kongreso ng Ang Ladlad ang panukalang batas laban sa diskriminasyon. Kung binigyan umano ang mga babae, bata, senior citizen, at may kapansanan ng proteksyon sa pamamagitan ng pagpapasa ng mga panukalang batas na tutugon sa kanilang mga karapatan bilang tao, nararapat ding tugunan ang karapatan ng LGBT. Dagdag pa niya, "Hindi ito pagbibigay [sa LGBT] ng espesyal na karapatan, kundi inaamin ng estado na ito ay grupong mahina, na hindi nabigyan ng pantay na karapatan noon [kung kaya't] binibigyan sila ng pagkakataong makahabol sa iba."

Bagamat batid ni Remoto ang kakulangan ng pantay na karapatan ng LGBT sa Filipinas, na isang demokratikong republika, alam din niya ang pagkaselan ng isyu ng LGBT sa ibang bansa, partikular iyong mga OFW sa Saudi. Bago magbigay ng ano mang paghuhusga kaugnay ng paglalabas ng memorandum ng gobyerno ng Saudi, kailangan muna umanong tingnan ang "greater framework". Hindi katulad ng Filipinas kung saan magkakahiwalay ang relihiyon, politika, at kultura, sa Saudi ay magkakasama o iisa umano ang relihiyon, politika, at kultura. Dagdag niya sa wikang Ingles, "Hindi tayo maaaring gumawa ng agarang panghuhusga [sa gobyerno ng Saudi]."

Binanggit din niya ang tungkol sa Universal Declaration of Human Rights ng United Nations (UN). Ani Remoto, kung niratipikahan ng Saudi ang nasabing deklarasyon, maaaring panagutin ang gobyerno nito sa mga isyu ng paglabag sa karapatang pantao, tulad ng ginawang pag-aresto at paghagupit sa 67 kalalakihang nahuling nagdadamit-babae at umiinom ng alak sa Riyadh noong nakaraang taon, na kung saan ang karamihan ay Filipino. Pero kung hindi pumayag ang Saudi sa deklarasyon ng UN, mahirap umano iyon para sa mga OFW, partikular sa LGBT, dahil doon, ang kanilang relihiyon ay ang kanilang batas. (Hindi man tahasang kinontra ng Saudi ang nasabing deklarasyon, bumoto naman ito ng abstain sa pag-apruba, kabilang ang pitong iba pang bansa.)

EPEKTO AT AKSYON

Ayon kay Remoto, kung magpapatuloy ang nasabing diskriminasyon sa trabaho ayon sa seksuwalidad, magkakaroon ito ng masamang epekto lalung-lalo na sa framework o sistema ng pagiging produktibo ng bansa. Malilimitahan

"...KUNDI INAAMIN NG ESTADO NA ITO AY GRUPONG MAHINA, NA HINDI NABIGYAN NG PANTAY NA KARAPATAN NOON. BINIBIGYAN SILA NG PAGKAKATAONG MAKAHABOL SA IBA."
-DANTON REMOTO

umano ang bilang ng mga taong may angkop na kakayahan at talino upang magtrabaho (lesser pool of talents). Dagdag pa niya, hindi naman lahat ng heteroseksuwal ay kasinghusay ng mga homoseksuwal.

Wala rin umanong paraan upang masukat ang pagkalalaki o pagkababae ng isang aplikanteng OFW, na siyang hinihiling ng gobyerno ng Saudi. Ikinuwento niya na may isang OFW sa Saudi na nakalusot sa interbyu at ilang taon ding nagtrabaho nang hindi natutukoy ang tunay na seksuwalidad, na sa kasalukuyan umano ay "nakapalda [si bakla]." Ang kanyang tanong, "Paano mo malalaman [ang tunay na seksuwalidad ng isang aplikante]?"

Pero nananatili umanong usapin ng paglabag sa karapatang pantao ang pagpapakulong at panghahagupit sa mga homoseksuwal na OFW sa Saudi. Ngunit batid rin ni Remoto ang pagiging "karaniwan" ng mga insidente ng panghahagupit at pamumugot ng ulo sa Saudi, dahil "'yun ang pananaw nila [kung ano ang nararapat]."

Ngunit sa sitwasyon sa Saudi, wala na umanong magagawa ang mga OFW kundi ang sundin ang mga polisiyang ipinatutupad at, sa tulong ng pamahalaan ng Filipinas, maghain ng apela sa gobyerno ng Saudi. Sapagkat walang may alam kung bakit biglaang inilabas ng gobyernong Arabe ang nasabing memorandum noong Mayo, ayon kay Dimzon ay nakikiramdam muna ang mga welfare officer ng Filipinas sa Saudi bago gumawa ng ano mang hakbang.

Maging dito sa Filipinas, diskriminasyon din ang nagtutulak sa mga partikular na grupong tulad ng Ang Ladlad upang manawagan para sa pantay na karapatan. Sa ganitong sitwasyon, ang pag-apela at pagtulak sa gobyerno para kumilos na lamang ang maaaring gawin, upang parehong tugunan ang hindi pantay na pagturing sa LGBT sa bansa, at ang diskriminasyon laban sa mga OFW, partikular sa LGBT, sa ibang bansa. Samantala, payo ni Dimzon sa mga homoseksuwal na OFW sa Saudi na mag-ingat na lamang at itago ang tunay nilang seksuwalidad. Aniya, "'Pag sila-sila na lang, puwede sigurong [magpakabakla], pero huwag naman sa labas." 



Pamanang Problema EDUKASYON

Isang pagsipat sa mga nagawa ng nakaraang administrasyong Arroyo, at ang mga kakaharapin pa ng administrasyong Aquino

ni Robert Alfie Peña
sining ni Bea Benedicto at Lalaine Lim
lapat ni Amanda Uy

Higante ang problemang kinakaharap ng ating bansa sa edukasyon. Sa bawat 100 mag-aaral na pumapasok sa unang baitang, 66 lang ang makapagtatapos ng elementarya. 58 ang papasok sa mataas na paaralan at 43 lang sa kanila ang matitira hanggang sa araw ng pagtatapos. Sa natitirang ito, 33 ang maglalakas-loob na pumasok ng kolehiyo at 21 lang ang makapagtatamo ng degree. Para sa nakararaming mga Filipino, edukasyon ang susi sa maginhawang buhay. Edukasyon din ang sinasabing mag-aangat sa Filipinas upang makasabay sa ibang bansa. Noong 2009, binalangkas ng administrasyong Arroyo ang mga programa nito sa edukasyon para maging ekonomiyang base sa kaalaman (knowledge-based economy) ang Filipinas. Ngunit hindi maitatangging hindi pa rin lutas sa ilalim ng halos isang dekadang administrasyon ang problema ng edukasyon.

MGA NUMERO NG PROBLEMA

Sa lalong dumaraming mag-aaral sa elementarya at mataas na paaralan, na ngayo'y nasa 20.5 milyon (kapuwa pampubliko at pribado) nagigipit nang husto ang limitadong pasilidad at pondo para sa edukasyon. Idagdag pa ang 2.6 milyong estudyante sa mga kolehiyo at pamantasan. Sa ngayon, target ng gobyernong magtayo ng 6,000 silid-aralan kada taon upang punan ang kulang na mga silid.

P235.6 bilyon ang inilaan para sa edukasyon ngayong 2010. Ito na ang pinakamataas na naging badyet at halos doble ng P125.4 bilyong badyet noong 2002 ngunit hindi pa rin sapat upang tugunan ang kakulangan ng mga guro. 85% ng badyet ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ang napupunta sa pasuweldo. Kaya naman maliit lang ang natitira para sa iba pang programa.

Ngunit para kay Bb. Anne Lan K. Candelaria, guro sa Kagawaran ng Agham Politikal ng Pamantasang Ateneo de Manila, malaking bagay na rin ang badyet kahit sabihin pang kulang ito: "Ano'ng gagawin mo do'n sa kakapiranggot mong badyet? Itatapon mo ba siya? Patapon ba siya o hindi?" Ipinagdiinan pa niya ang problema ng corruption: "Malaking bahagi doon ay corruption. Talagang malaking bahagi... 'Yong dapat na binubulsa, 'wag mong ibulsa. Malaking bagay iyon."

Ayon sa UP College of Education, 1:25 ang ideyal na ratio ng mga guro sa mag-aaral. Kasalukuyang nasa 1:36 ang sa elementarya at 1:39 naman ang sa mataas na paaralan (datos para sa pampublikong paaralan). Kung ito ang pagbabasehan, kulang pa ng libo-libong mga guro. Noong SY 2007-08, ibinigay ang National Achievement Test (NAT) sa mga nasa Baitang VI at Taon II. Lumabas na nasa 64.81% lang ang nibel ng pagkahasa ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Ang mga nasa ikalawang taon naman sa mataas na paaralan ay nakakuha ng 49.26%. Sumunod ito sa sa Trends in Mathematics and Science Study (TIMSS) noong 2003, na kung hindi pangatlo, ay pang-apat o panlima mula sa dulo ang Filipinas sa 25 bansa.

GLORIA NG EDUKASYON

Bago pa man umalis sa puwesto si dating

Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo, sinabi niyang iiwan niya ang imaheng "Education President." Marami tuloy na programang pang-edukasyon ang kaniyang nilagdaan.

Ayon kay Candelaria matagal nang isyu ang edukasyon bago pa man maging pangulo si Arroyo. Ngunit sa mga unang taon ng dating pangulo mas nakita ang mga ito. Sa panahong ito lumabas ang mga pambansa at internasyonal na pag-aaral na nagpapakitang lagpak ang mga estudyante natin. Lumabas rin ang ibang mga kakulangan ng sistema.

Para kay Candelaria, mabuti nang lumabas ang mga problema sa edukasyon dahil nagdulot ito ng pag-uusap. Nasisi ang gobyerno noong una, ngunit kinalauna'y bumuhos ang tulong mula sa pribadong sektor. Lumakas ang Corporate Social Responsibility arms ng mga malalaking na kompanya. Naging mas aktibo rin ang mga lokal na pamahalaan (LGUs) sa pagbibigay solusyon sa mga problema. "May kakayahan ang local government na tugunan ang problema ng edukasyon," aniya.

Hindi na hinintay ng mga LGUs ang tulong mula sa pamahalaan upang tugunan ang mga problema. Sa pamamagitan ng mga Local School Boards (LSBs) na itinatag sa ilalim ng Local Government Code, nakakilos ang mga punong-lungsod at punong-lalawigan na siyang mga namumuno sa mga LSBs kasama ang mga kawani ng DepEd. Mula ang pondo ng mga LSBs sa dagdag na 1% na real property taxes na siyang tinatawag na Special Education Fund. Nagawa ng mga LGUs na magdagdag ng mga guro at libro na hindi na hinintay pa ang tulong ng DepEd. Nakayang magpagawa ng mga gusali para sa mga paaralan ang mayayamang lungsod tulad ng Makati at Marikina.

Nagkaroon pa ng pagkakataong tumulong ang iba pang mga sektor tulad ng mga pribadong pamantasan sa pamamagitan ng pagtataguyod ng Literacy Training Service sa ilalim ng National Service Training Program o NSTP.


Mas pinaigting naman ng DepEd ang paghikayat sa mga bata na pumasok sa mga paaralan, lalo na iyong galing sa mga pinakamahirap na pamilya. Ayon kay Dr. Mona D. Valisno, ang huling kalihim ng DepEd sa ilalim ng administrasyong Arroyo: "Isang krimen kung hindi natin bibigyan ng pagkakataon ang mga pinakamahihirap sa mahirap [salin ng autor]." Ipinatupad ng DepEd ang mga polisiya tulad ng "No Collection Policy," at "No Uniform Policy" upang mahikayat ang mga batang mula sa mahihirap na pamilya na magpatuloy sa pag-aaral. Naging aktibo rin ang pamahalaan sa pagbibigay ng pagkakataon sa kabataan at maging sa nakatatanda na hindi nakapag-aral na muling bumalik sa edukasyon sa pamamagitan ng Alternative Learning System (ALS). Sa pamamagitan ng pagkuha ng pasusulit ng mga gustong pumasok sa ALS, malalaman kung saang nibel na ang kanilang kaalaman. Nagpapatupad din ng ganitong programa ang Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon (CHED) na tinatawag na Equivalency Program.

Sa panig ng mga guro, napataas ang suweldong kanilang natatanggap. Sa ranggong Teacher I, mula sa P9,466 noong taong 2000, tumaas ito sa P14, 198 noong 2009. Para sa mga dalubguro na may ranggong Master Teacher I-IV, nasa pagitan ng P14,098-16,792 ang suweldo noong 2000, na nasa P22,214-26,671 na noong 2009. Patuloy din ang mga paghahasa at pagsasanay sa mga guro sa pamamagitan ng mga Training at Certificate Programs.

Unti-unti namang nagpapakita ng maliit na pag-angat ang estadistika ng edukasyon. Para kay Candelaria: "We're getting there pero hindi pa rin maaaring sabihing talagang mahusay [na ito]. Kasi F pa rin.... Umaakyat tayo from low F to medium then high F. Eventually magiging D. Pero siyempre gusto nating maramdaman 'yong A 'di ba? Medyo matagal 'yon. Siguro 20 years from now."

NASA TAMANG HIGHWAY

Kalat-kalat ang iba't ibang mga ahensya ng gobyerno na may kinalaman sa edukasyon. Ayon kay Candelaria, mahirap para sa mga nasa pribadong sektor na tumulong dahil iba-iba ang kailangang





kausapin sa panig ng pamahalaan: "'Pag tiningnan mo siya at a macro level, hindi siya maganda kasi nagpapatong-patong 'yong efforts." Ang DepEd ang namamahala **sa e**lementarya at sa mataas na paaralan. Ang CHED ang siyang namamahala sa mga kolehiyo at pamantasan. Samantalang ang Pangasiwaan sa Edukasyong Teknikal at Pagpapaunlad ng Kasanayan (TESDA) ang nagbibigay ng mga kursong teknikal-bokasyonal. Ang di-pagiging magkakaugnay ng mga ahensya na ito ang nagbunsod upang mabuo ang tinatawag na trifocalized educational system sa ilalim ng pag-uugnay ng Presidential Task Force for Education (PTFE) na pinamumunuan ni Padre Bienvenido F. Nebres, S.J., pangulo ng Pamantasang Ateneo de Manila. Ayon kay Candelaria ito ang papel ng PTFE: "Putting all these institutions into one." Ang PTFE ang naglunsad ng tinatawag na Philippine Main Education Highway na siyang magiging balangkas ng programang pang-edukasyon.

Layon ng Highway na pag-isahin ang buong sistema ng edukasyon mula kindergarten hanggang sa pagkakaroon ng trabaho. Pinalalakas ng Highway ang pagbibigay opsyon sa mga estudyante para tahakin ang teknikal-bokasyonal na landas para sa mga gusto na agad na magtrabaho na hindi na kailangan pang dumaan sa kolehiyo. Gayon din, balak ng Highway na gawing mas handa ang mga mag-aaral bago mag-kolehiyo. Para sa mga gusto pang mag-aral sa kolehiyo, kailangang dumaan sa dalawa pang taon matapos ang mataas na paaralan.

Para kay Valisno, nasa tamang landas ang edukasyon: "Nandito pa lang tayo, pero papunta na tayo sa tamang direksyon," [salin ng autor]. At kung magkakaisa ang lahat, publiko at pribado, kayang makisabay ng Filipinas sa mayayamang bansa sa loob ng 20 taon o konti pa.

PAGHARAP SA HINAHARAP

Marami na ring nagawa sa loob ng halos isang dekada ngunit nanatiling hindi ito sapat upang tuluyang malutas ang problema sa edukasyon. Nangunguna sa mga rekomendasyon ni Valisno ang pagbuo ng mas permanenteng ahensyang magbubuklod sa trabaho ng DepEd, TESDA, at CHED, na kasalukuyang ginagampanan ng PTFE. Maging ang pagpapatupad ng programa sa edukasyong teknikal-bokasyonal at paghikayat sa mas maraming batang pumasok sa paaralan ay binigyang-diin ni Valisno. Isa na namang bagong administrasyon ang nakaupo at inaasahang ibang mga programa na naman ang ipatutupad nito. Mataas ang inaasahan ng mga tao kay Pangulong Benigno S. Aquino III lalo pa't sinabi niyang pagtutuunan niya nang husto ang edukasyon. Kumpiyansa din si Valisno sa kaniya: "...Sumasang-ayon ako sa kaniya 100% sa kung ano'ng dapat gawin para sa edukasyon."

Para naman kay Candelaria, mahalagang ipagpatuloy kung ano mang magandang programa ng nakalipas na administrasyon. "Kailangang maintindihan ng mga tao na higit pa sa isang pangulo ang kailangan upang ayusin ang problema ng edukasyon." Ayon sa kaniya, kailangang tuloy-tuloy ang mga programa dahil isang buong henerasyon ang hihintayin bago makita ang resulta. "Kasi 'pag pinutol mo...'yan, gumawa ka na naman ng bago, back to zero ka na naman." "Hindi ito kayang lutasin ng iisang pangulo. Kailangan itong lutasin ng isang serye ng mabubuting pangulong handang ituloy ang mabuting nagawa ng mga sinundan nila, [salin ng autor]."

Nagkakasundo naman sina Valisno at Candelaria na kailangang magtulungan ang lahat upang malutas ang mga problema. Ayon kay Valisno: "Magtratrabaho tayong lahat, pribado at gobyerno. Kailangan tayong magtulungan."



Sigaw ng Bayan

PIIT NA MALUPIT

PAGBISITA SA KALAGAYAN NG MGA BILANGGO SA CITY JAIL

nina Frances Pabilane at Gerald Pascua
sining ni Jeudi Garibay
lapat ni Jake Dolosa



KILALANG AKTIBISTA AT manunulat ng dekada '40 si Amado V. Hernandez. Sa kaniyang pagtaguyod sa kapakanan ng mga manggagawa, dinakip si Hernandez noong Enero 1951 sa salang rebelyon. Sa loob ng limang taon at anim na buwan, nagpalipat-lipat siya sa mga piitan ng Muntinlupa, Camp Murphy, Camp Crame, Fort McKinley, Panopio Compound, at isang pook na hindi niya alam. Habang nakapiit, kaniyang inilarawan at isinalaysay ang karanasan ng buhay bilanggo. Laman ng kaniyang mga akda ang hindi birong pangungulila at kalungkutang nararanasan, ang 'di pag-iral ng katarungan, at 'di pagkakapantay-pantay sa loob ng malamig na rehas.

Makalipas ang umigit-kumulang anim na dekada, ano na ang nagbago sa lagay ng mga piitan sa bansa? Marahas pa rin ba ang batas ng rehas?

MALAKI NA ANG IPINAGBAGO

Sa panayam ng Matanglawin sa ilang inmates ng Manila City Jail, lumabas ang mga kuwentong mistulang napiit na rin sa puso ng mga bilanggo. Para kay Minerva "Miko" Bueno, kasalukuyang nasa promulgation para sa drug use, bahagi na ng buhay bilanggo ang kalungkutan. "Bihira kasi akong dalawin ng tatay ko, ganoon na mula nang mamatay ang nanay ko." Ganito rin ang saloobin ni Jenelyn "Jenny" Tuzon*, nahatulan ng anim na taon at apat na buwang pagkakakulong sa salang frustrated murder at dalawang kaso ng murder. Wala na siyang nababalitaan mula sa kaniyang mga kapatid at kamag-anak. Ipinaliwanag ni SJO2 Hilda La Paz mula sa Inmates Welfare and Development ng Manila City Jail na mayroon namang mga inihandang programa at gawaing mapagkakaabalahan ang inmates tulad ng Therapeutic Community Medical Program (TCMP). Tatlong taon na itong Nationwide program ng Bureau of Jail Management ang Penology (BJMP) kung saan tinuturuan ang mga inmates ng ibat ibang abilidad tulad ng pagbabasa, pagsusulat, pagpapahayag at housekeeping. Bukod sa mga programa para sa kalinangan ng mga preso, may panahon at ilang kagamitan ang mga preso upang makapaglibang. Maaari silang manood ng telebisyon tuwing hapon. Maaari ring magpatugtog at umawit gamit ang videoke tuwing may dalaw. "Napakalaki na ng ipinagbago dito," dagdag pa ni La Paz. Kabahagi si Miko ng beadcraft livelihood program samantalang bible study naman ang pinagkakaabalahan ni Jenny. Sa ibang oras, tinuturuan naman sila ng mga guro mula sa infirmary, lahad ng dalawa.


PROGRAMA PARA SA MGA BILANGGO

Magkatuwang ang Bureau of Jail Management and Penology at Bureau of Corrections sa pamamahala ng mga bilangguan sa bansa. Nasa ilalim ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal ang BJMP at hawak nito ang mga bilangguan para sa mga presong kasalukuyang nililitis, at iyong mga napatawan ng pagkakulong na hindi lalampas sa tatlong taon. Kabilang din dito ang lahat ng District, Municipal at City Jails, tulad ng Manila City Jail. Hinahawakan naman ng Bureau of Correction ng Department of Justice ang


WARDEN
VIP
VIP

mga bilangguan para sa mga nahatulan ng higit sa tatlong taon at mga penal colonies sa bansa.

Sa panayam ng Matanglawin kay Director Rosendo M. Dial, Ceso III, pinuno ng Bureau of Jail Management and Penology, sinabi niyang bukod sa pangangalaga sa kaligtasan ng mga inmates, tungkulin din ng BJMP na linangin ang mga ito habang nasa loob. "Kinakailangang bigyan mo sila ng livelihood program. Dapat mayroon din silang religious activities at recreational program para gumalaw ang kanilang isipan. 'Yong iba pa diyan mga hindi nakapag-aral, so you need to provide them education. May space for their confinement alone, and space for their development." Dagdag pa ni Dial, nakatutulong din na may programa ang ibang kagawaran para sa mga bilanggo tulad ng Alternative Learning System ng Department of Education upang tulungang makapagtapos ang mga inmates. Sa kabila nito, aminado si Dial na marami pang dapat ayusin ang pagbutihin sa kalagayan ng mga piitan sa bansa.



PUNO PA RIN NG PROBLEMA

Isa sa nakikitang pangunahing suliranin ay ang pagsisiksikan ng mga preso sa bilangguan. Sa taya ni Dial, mayroong 300-400% congestion sa ilang bilangguan sa Maynila. "Most of the jails especially in Metro Manila are congested. Ibig sabihin, kung ang capacity ng jail ay 200, ang laman niya ay nasa 500-600." Ang labis-labis na bilang din ng mga bilanggo ang sanhi kung bakit hindi matamang natutugunan ang serbisyo sapagkat mas maraming tao ang maghahati-hati sa badyet para sa pagkain, sanitasyon, at iba pa. Ang mabagal na pag-usad ng mga kaso sa korte ang isa sa nakikitang dahilan ni Dial sa paninikip ng mga bilangguan. Higit na makatutulong sa pagpapaluwag ng mga bilangguan kung hindi tatagal sa isang buwan ang bawat hearing sa korte.

Ayon kay Dial, mayroon ding kakulangan ang BJMP sa tao. "Mayroon pa yatang mga bilangguan na ang nag-tumatao ay pulis mula sa PNP dahil kulang kami sa manpower." Bukod pa riyan, taon-taon ding tinutugunan ng BJMP ang pagdagdag at pagpapaganda sa mga kulungan at iba pang pasilidad. "Ang number one problema kasi natin is facilities, enough facilities." Paliwanag ni Dial, hindi sapat na basta may kulungan lamang. Kinakailangan din diumano ng pasilidad para sa livelihood at recreational programs, sa religious activities, at iba pa. Ang mga kakulangan na ito ang itinuturong dahilan kung bakit hindi papasa sa pandaigdigang pamantayan ng United Nations ang mga bilangguan sa bansa.

"Of course if we are going to refer it to UN standards, in terms of space, we are violators," pag-amin ni Dial. May itinatakdang pamantayan ang UN na hindi dapat bababa sa 3 square meters per inmate ang mga bilangguan, ngunit malinaw na hindi ito nasusunod sa ating bansa. Paliwanag ni Dial, hindi maaaring magawang prayoridad ng pamahalaan ang mga bilangguan gayong nariliyan din ang problema sa edukasyon, kalusugan at iba pa. "Hindi naman tayo mayamang bansa para pahalagahan ang kapakanan ng mga inmates," dagdag pa niya.

OPCAT REPORT

Noong taong 2002, inilabas ng United Nations ang Optional Protocol to the Convention against Torture and Other Cruel, Inuhman, or Degrading Treatment or Punishment (OPCAT). Isa itong tratadong nilahukan mga bansang kasapi ng UN upang bumuo ng sistema at pamantayan para sa mga institusyon kung saan ipinagkakait ang ganap na laya tulad ng mga bilangguan. Layon nitong pahalagahan ang kapakanan ng mga bilanggo at kundisyon mga bilangguan at detention centers.

Hindi naging kaaya-aya ang puna at ebalwasyon ng mga bilangguan sa lumabas na OPCAT report para sa mga bilibid at piitan sa Pilipinas. Matinding siksikan (exteme overcrowding) nga

“HOWEVER, BECAUSE OF THE SITUATION IN THE COUNTRY, HINDI NAMAN TAYO MAYAMANG BANSA PARA PAHALAGAHAN ANG KAPAKANAN NG MGA INMATES.”

-DIRECTOR ROSENDO M. DIAL, CESO III

ang nakitang pangunahing pahirap sa mga bilanggo, na kinakailangan pang magsalitan sa pagtulog sa sahig upang magkasya. Ayon sa ulat ng OPCAT, ”Overcrowding breeds diseases, breaks down discipline and exacerbates tensions. Having to fight for air and space 24 hours a day make prison, in the words of inmates, a living death.” Batay din sa lumabas na OPCAT Report, ilan sa mga problema sa sistema ng mga bilangguan sa Pilipinas ang maruming tubig-gripo, maruming palikuran, gang wars at pagkakaroon ng special treatment.

Noong taong 2008, sa kabila ng paglagda ng Pilipinas sa OPCAT, humingi ng 3-5 taong moratoryo ang Pilipinas sa pagsunod sa protokol ng OPCAT sapagkat hindi pa diumano kakayanin ng pamahalaan na maisagawa lahat ng mga nakatakda sa kasunduan, tulad ng mga karagdagang pasilidad at bilangguan.

Pinabulaanan ni Dial ang ilang nabanggit sa ulat at sinabing hindi totoo na marumi ang tubig na iniinom sa loob ng bilangguan. Sinabi niyang mayroong koordinasyon ang BJMP sa mga lokal na pamahalaan at itinatakdang mineral water ang ipainom sa mga preso. May mga ginagawa na ring hakbang ang BJMP upang malutas ang problema sa maruming palikuran. Kadalasan, dalawang palikuran ang nakalaan para sa isang selda. Dahil sa kakulangan ng badyet, hindi magawang pagandahin ang lahat ng palikuran. Sinabi pa ni G. Dial na tumutulong ang Red Cross sa pag-aayos ng mga pasilidad. Itinanggi rin niyang nangyayari pa rin ang gang wars sa kasalukuyan. Bahagi lamang daw ito ng sinaunang kalakaran at hindi na ito angkop ngayon. “For the last 5 years, wala akong nabalitaang may gang wars pa sa jail,” dagdag pa niya.

Hindi rin sang-ayon si Dial na may mga kamalian sa pagtrato sa mga bilanggo ang BJMP. Sa katunayan, may libro nang nalathala para sa maayos na pagtrato ng mga empleyado sa mga nakakulong dagdag pa niya. Mahalagang maibigay sa mga bilanggo ang kanilang karapatang pantao. Sa katunayan, ipinagmamalaki ni G. Dial na Pilipinas lamang, sa lahat ng bansa sa Asya, ang kumilos upang mabigyang-pagkakataon ang mga bilanggo na makaboto sa katatapos lamang na halalan. “May mga foreign observers tayo during the last election na gusto nilang gayahin itong nangyari sa atin dahil na pinakikita natin dito yung human rights sa Pilipinas, nangingibabaw, sinusunod natin,” lahad niya. Naging posible ang pagboto ng mga bilanggo sa pakikipagtulungan ng BJMP sa Commission on Elections (COMELEC) at Commission on Human Rights (CHR).

WALANG VIP TREATMENT?

Ayon kay G. Dial, walang VIP treatment na nagaganap. Kung mayroon mang nagiging VIP sa loob, hindi mga empleyado at opisyal ng BJMP ang gumagawa nito kundi mga kapwa bilanggo. Posible ito dahil kayang magbayad ng ilan at gusto ring magpabayad ng ibang inmates kapalit ng serbisyo. Hindi naman nagagawang bantayan ng BJMP ang bawat preso. Nagbabantay ang BJMP batay sa mga selda at hindi batay sa bawat isang taong nakapiit doon. Nabanggit din niya na walang katotohanan ang mga karagdagang benepisyo na natatamasa ng ilang mga bilanggo na VIP. Walang extended visiting hours na ibinibigay para sa iba. Ayon sa kanya, mga abogado lamang ang pinapayagang manatili nang matagal sa loob kung may paglilitis kinabukasan. Sang-ayon naman dito sina Miko at Jenny. Ayon kay Miko, mabait ang mga empleyado at pantay-pantay ang pagtrato sa kanila sa Manila City Jail. Puna naman ni Jenny, “Dati, noon, may paborito. Pag may kadikit ka, nagiging karelasyon.” Ngunit maayos na ang pagbabantay sa kanila ngayon, dagdag pa niya.

Matatandaang ilang ulit ding nasangkot sa kontrobersiya ang BJMP ukol sa diumano’y special treatment nito sa ilang mga personalidad, pinakahuli na riyan si Datu Andal Ampatuan. Paliwanag ni Dial, Hindi matatawag na special treatment ang pagtratong ginawa sa ilang personalidad na nakulong tulad ng mga Ampatuan. Mayroong tatlong uri ng bilanggo, ayon sa klasipikasyon ng BJMP- high-risk, high-profile at ordinaryong bilanggo. Kasama ang mga Ampatuan sa very high-risk dahil high-profile sila, bukod sa pagiging high-risk. “Dapat talagang ihiwalay sila. Hindi sila pwedeng ihalo sa ordinaryong offender.” Sa mga bilanggong katulad ng mga Ampatuan, nakatatanggap sila ng higit na seguridad dahil nanganganib ang kanilang buhay.

Hindi sang-ayon si Jenny sa special treatment na nagaganap sa mga bilangguan sapagkat nauuwi lamang ito sa usapan ng kung sino ang may pera. “Pag walang pera, maglilinis ka talaga. Iyong mga big time, utos lang ng utos. Kahit iyong mga ginagastos nila, sa masama pa rin nanggagaling.”

PAGLAYA

Hindi maitatangging may uring kalupitan nga sa loob ng bilangguan. Kalupitang dulot ng pangungulila, kalungkutan, ang mapagkaitan ng ganap na kalayaan. Ngunit dapat isaalang-alang na hindi natatapos dito ang atas ng hustisya. Bahagi ng pagpapatupad ng hustisya-sosyal ang paglalagak ng ilang nagkakasalang mamamayan sa mga piitan upang pagbayaran ang kanilang nagawa at magbago ‘di kalaunan. Hindi nararapat maisantabi ang kanilang mga karapatan bilang tao. Sapagkat para sa ilan, may naghihintay pa ring pag-asa ng magandang kinabukasan sa kanilang paglabas sa rehas.

*Kinabukasan, matapos ang panayam ng Matanglawin, ang araw ng paglaya ni Jenny sa Manila City Jail matapos ang anim na taon at apat na buwang paghihintay.



TALAHIB
MUSIKANG PINOY

Kilalanin ang isa sa iilang bandang nagtataguyod sa yaman ng kulturang Filipino

nina Tresa Valenton at Joanne Galang
sining ni Mich Garcia
lapat ni Jake Dolosa

Sa gitna ng tinatawag na mainstream na uri ng musika, mula novelty hanggang metal, paano naitataguyod ng mga makabayang ngunit salat-sa-pondong grupong tulad ng "Talahib" ang kanilang ipinaglalabang mga prinsipyo?

BAKIT TALAHIB?

Tulad ng ordinaryong damong-ligaw na tumutubo sa lupang tigib ng pag-asa, ang bandang Talahib ay matalas sa mga isyung panlipunan lalo na iyong mga may kinalaman sa kapaligiran at usaping-katutubo. Ayon kay Noel Taylo, kasalukuyang isa sa mga bokalista ng banda, "Noong nagsasaliksik kami sa mga katutubong lugar, nakakita kami ng mga talahiban. Maganda [ito] sa malayo. Kapag dinaanan mo manipis, matalas, nakasusugat." Katulad umano ng sugat na naghilom, nag-iiwan sila ng marka sa kapwa Filipino sa pamamagitan ng kanilang mga komposisyon. "Kapag nasugatan ka, mag-iiwan ng marka. Ang maganda, mawala man kayo, nariyan pa rin ang kanta niyo," dagdag ni Taylo.

Bukod rito, nakapag-iiwan na raw agad ng impresyong makabayan ang pangalan ng kanilang grupo. Aniya, "Pinoy na pinoy (ng katagang talahib). Parang kung sa (bandang) Asin, salt of the earth, kami, talahib."

PINAGMULAN

Taong 2000 nang mabuo ng apat na miyembro ng Musicians for Peace ang isang bandang kinakanta ang kuwento ng karaniwang tao. Ito ang bandang Talahib, nabuo mula sa makasaysayang pag-guho ng gabundok na basura sa Payatas. Nagsimula silang tumugtog bilang isang bandang kundiman gamit ang mga akus-tikong gitara at piano. Sa kasalukuyan, tatlo sa apat na nagtatag ng banda ang nananatiling aktibong miyembro nito: sina Taylo, Bonjo Agustin na nag-aayos ng mga bagong komposisyon, at si Kleng de Loyola na tulad ng dalawang nauna ay isa ring bokalista. Sampu ang kasaluku-yang aktibong miyembro ng banda.

Taong 2003 nang madagdagan ng drum set at iba pang instrumentong perkusyon ang kanilang tugtugin. Doon tuluyang naging, para sa kanila'y buong banda na ang kanilang grupo. Itinuring silang isang rock band noon, hanggang sumapit ang 2004 at magpasyang maging isang reggae group sa loob ng dalawang taon. "Mula 2000 hanggang 2006, experimen-tal kami sa tunog namin. Naghahanap pa talaga kami ng sarili naming identity," ani Mark Estandarte, bahista at sound mixer ng grupo. Taong 2006 nang magsimula silang tumugtog sa mga bar; noon din nagkaroon ng mga miyembrong nagtatagal. Dagdag pa ni Estandarte, "Depende sa sino ang taong kasapi sa isang sesyon, doon nabubuo yung tunog, hitsura at damit niya."

Marami man umanong pinagdaanang pag-bibihis ang kanilang banda, nakatulong umano ito sa pagbibigay-anyo sa kung ano sila ngayon. Katutubong musikang hinaluan ng sari-saring tugtugin ang Talahib. Katulad daw ng bandang Asin, "Hindi [kami] nanatili sa isang genre. May folk, reggae, kundiman, rock. Naroon lahat ng putahe, at popular pa rin sila (Asin) mapasahanggang ngayon."

SINO ANG TALAHIB?

Hindi sabay-sabay dumating ang mga sumunod na miyembro. Mula sila sa iba't ibang grupo ng Musicians for Peace sa kani-kanilang mga unibersidad. "'Yung [mas batang] henerasyon ng Talahib, tinangkilik muna kami bago naging miyembro. Doon umikot 'yung pagi-ging miyembro namin," ani Estandarte. Noong una raw, iniimbitahan lamang sila sa mga gig ng Talahib. Hanggang sa regular na silang pumupunta sa bawat pagtugtog nito. At sa kalauna'y naging mga opisyal na miyembro na sila.

Ang sesyonistang si Janice Dante, gitaristang si Bernard Velacio, perkus-yonistang sina Domeng Molina, Jones Rivera at Max Cilata, at tagatambol na si Darrell Roberto ang ilan pang bumubuo sa Talahib.

SELEBRASYON NG PAGKA-PILIPINO

Mula noon hanggang ngayon, pinahaha-lagahan ng banda ang kanilang pag-mamahal sa bayan. Patuloy nilang isina-sabuhay ang mga prinsipyong makabayan at kamalayang panlipunan.



TITIK AT TUNOG

Sa lahat umano ng mga bandang Pinoy, Asin ang pinakaiidolo ng Talahib. "Kaya kapag gumagawa kami ng kanta, lagi kaming humihingi ng tulong sa musika ng Asin," ani Estandarte. Mahirap man umanong pantayan ang aestetikong musikal ng Asin, pinipilit ng kanilang grupo na gawing gabay ang tatlong katangian ng kanilang idolo. "Ang mga kanta ng Asin ay malaman, simple, at [tumatalakay sa] kwento ng karaniwang tao." Ikalawa, itinataguyod nila ang katutubong musika "dahil nakalimutan na siya e." Ikatlo ang yaman ng tunog. "Fusion [ito] ng jazz, blues, reggae. Chopsuey music s'ya. Kahit anong putahe pwede naming ihanda sa iyo." Dahil dito, itinuturing silang nasa genre ng World Music, o musikang katutubo. "Sa mata ng negosyo at ng mundo, hindi pa nila mabigyang-uri ang uri ng musikang ito kaya nasa World Music scene kami." Magkagayonman, itinuturing nila umanong "People's Music" ang kanilang tunog.

Dahil naman babad sa mga katutubo at karaniwang tao mula sa mga marhinalisadong sektor, nais ipamahagi ng Talahib ang mga sari-saring kwento ng Filipino. "Bilang artist, gusto kong ipamahagi yung kwento ng karaniwang tao," ani Taylo. Marami sa mga kanta nila ay tungkol sa pakikibaka ng mga katutubo.

"Karamihan ay Filipino [ang lyrics], pero [may] Ingles rin pero may social relevance dapat," dagdag niya. Mas marami umanong nakikiusap na Filipino ang tugtugin nila. Bukod sa pagtataguyod ng musika sa lengguwaheng Tagalog, isinasaalang-alang din nila ang paggawa ng mga komposisyon sa iba pang lengguwahe upang maitaguyod ang wikang Filipino. "Gusto naming alisin yung nosyon ng imperialismo ng Maynila," ani Taylo.

AKTIBIDAD

Sa personal na buhay, may kaniya-kanyang pinagkakaabalahan ang bawat isa sa kanila. Ilan sa kanilang indibidwal na interes ang mga usapin sa kalikasan, teatro, sining biswal, pagkuha ng litrato, disenyong interyor at teknolohiya. Mayroon mang iba-ibang pinanggalingan, ang pagmamahal sa musikang katutubo ang isa sa mga haligi ng mga miyembro ng Talahib. Ang pagmamahal sa musika ang nagbubunsod ng paglunsad ng mga gawaing pangkomunidad.

Nagsasagawa sila ng pagsasanay sa teatro at kultura upang maitaguyod nang matibay ang adbokasiya sa mga usaping panlipunan. "Pumupunta kami sa mahihirap na sektor, trade unions, pabrika, mga paaralan, mga tribo." Tinutulungan din nila ang mga tao roon upang huwag kaawaan ang sarili sa gitna ng kahirapan–na marami pang paraan para mabago ang ating katayuan. "Ang pagbabanda ay may kasabay na pakikibahagi sa iba't ibang sektor.

"'Yon [kawang-gawa] ang naging tagabuklod namin sa banda. Kaya ang mga diwa namin ay madaling nagkakatagpo... Hindi lang yung musika per se kundi maging yung mga karanasan namin sa buhay, 'yung pagiging alagad ng sining namin at pagiging malapit sa ordinaryong tao," pahayag ni Taylo.

Sa mga proyekto ng banda, mas may pagkiling sila sa gawaing kultural. "Mas kultural kaysa pulitikal [kami]," ani Estandarte. Madalas silang sumasama sa mga aktibidad ng Tunay na Alyansa ng Bayan Alay sa Katutubo (TABAK) para sa mga isyu ng mga kapatid na katutubo, Amnesty International, at mga adbokasiya sa mga isyu ng karapatang pantao. Mataman nilang tinitingnan ang bawat grupong sinusuportahan. Hindi rin umano sila nagpapatali sa anumang organisasyong pulitikal. Kapag iniimbita sila ng isang grupo, kinakailangan umano ang konsensus ng lahat ng miyembro bago tumugtog.

Ayaw rin naman daw nilang makompromiso ang kanilang imahe dahil lamang sa pagtugtog halimbawa sa mga pulitikong hindi karapat-dapat puntahan. Kung sakali naman umanong may magandang reputasyon ang pulitikong nag-anyaya, "Hindi naman sila ang tinutugtugan mo e, 'yung tao. Hindi naman 'yung pulitiko ang hinaharana mo, 'yung taong bayan kasi hindi naman alam ng pulitiko 'yong kwento ng karaniwang tao".

MGA PLANO

Kasalukuyan pa ring naghahanap ang banda ng mga magtutustos para sa kanilang album. Marami man daw ang naghahanap ng kanilang plaka, malayo pa rin sa pondong makalilikom ng konsiderableng bilang ng album. Bilang indie artists, sinasagot nila ang lahat ng gastusin. "Dalawang taon na naming binubuo ang 60,000 na reproduction cost, hanggang ngayon nasa 6,000 copies pa lang," pag-amin ni Estandarte.

Pokus din ng grupo ang School-Hop o Community Hopping upang maabot ang mas malalaking komunidad gaya ng mga paaralan. Hindi man umano sila kilala nang katulad ng sikat na banda ngayon, nais naman nilang maisagawa ang serbisyong panlipunang maaari nilang ibigay. "Ang mahirap kapag buong bansa, kailangan sumali sa label, mainstream, kasi sila 'yung may kakayahan e. Pero ang target namin, 'yung mga paaralan at mga komunidad talaga," ani Taylo.

Wala man silang sponsor at perang panustos, masaya na rin ang grupo na nalampasan na nila ang pinakamalaking hamon sa kanila: ang diskriminasyon sa bars. "Masyadong lokal, masyadong baduy [raw kami]," ani Taylo. "Nalampasan na ng banda at nakakuha ng respeto galing na rin sa mga kaibigan namin. [Dati kasi] parang umaayaw sila kapag sinabi mong 'para sa bayan'," pagtatapos ni Estandarte.



ESPERANZA

kuha at lapat ni Jake Dolosa
titik ni Gerald Pascua





Sa gitna ng kadiliman sisilay ang liwanag



Liwanag na yayakap sa buong sanlibutan



Sanlibutang nakasandig sa panata at pag-asa



Pag-asang
mailap at balot
ng hiwaga




Hiwaga na puso lamang
ang nakakikita,

sa gitna ng kadiliman

Kilatista

Kwento Mo, Ihahayag Ko

Analisis sa mga panganib at kabutihang dulot ng Citizen Journalism



nina Tresa Valenton at Luigi Moreno
sining ni Lalaine Lim
lapat ni Jake Dolosa at Dylan Valerio

SA LAKI NG SAKLAW ng internet at iba pang teknolohiya gaya ng cellphone at camera, hindi nga malayong magkaroon din ng puwang mula sa mga sibilyan upang malayang makapamahayag. Sa kalakhan ng cyberspace naglalathala ng sari-saring kwento ang ordinaryong Juan. Maaari siyang gumawa ng blog, kumuha ng litrato at/o video, at magbigay ng sariling pananaw sa mga isyu at sariling karanasan. Tinatawag itong Citizen Journalism.

Maaaring isang karaniwang kaganapan na lamang sa kasalukuyan ang makatagpo ng iba't ibang istoryang naihahain sa malalaking programa dahil dito, subalit ano nga ba ang dulot at maaari pang idulot nito sa ating mga patron?

ANO ITO?

Ayon kay Bb. Chay Florentino Hofileña, guro sa Kagawaran ng Komunikasyon at bihasa sa imbestigatibong pamamahayag, kung susuriin umano ang kahulugan ng dalawang salita, ito ay isang tala o dokumentasyon ng ordinaryong tao ukol sa mahahalagang pangyayari sa pang-araw-araw.

PERYODISMO BANG MAITUTURING?

Sa mas malalim na pagtingin, binigyang-tuon ni Hofileña ang hindi kaangkupan ng pagtawag sa citizen journalism bilang isang pormal na uri ng pamamahayag. Aniya, “Dahil [ba sa] record lamang siya ng mahahalagang pangyayari sa kahit anong araw, ang sinumang makakapagdokumento noon ay maaari mong tawaging journalist? Sa palagay ko, hindi.” Idiniin ni Hofileña ang metikulosong kasanayan sa pormal na pamamahayag. “Kapag [ikaw] ay tinawag na mamamahayag, dapat naroon ang pagsasanay, kakayahan at naiintindihan mo ang mga pamantayan na kailangang i-preserba o itaguyod sa journalism.” Kasama na rin umano rito ang mga katibayan at katotohanan ng kanyang ibinabalita.

Sinusugan din ito ni Dr. Benjamin Tolosa, guro sa Kagawaran ng Agham Politikal. Maaari umanong maging mapanganib ang ganitong uri ng pagbabalita kung kulang sa pananaliksik dahil hindi malinaw kung sino ang mananagot sa nailabas nang pahayag. Tinukoy rin niya ang paalala ni Fr. Adolfo Nicolas, Superyor Heneral ng Society of Jesus, sa naging panawagan nito tungkol sa responsibilidad ng Heswitang edukasyon. Kaakibat raw nito ang pagtataguyod ng kritikal na pag-iisip. Taliwas ito sa nakikita halimbawa sa mga blog kung saa'y napakadaling makapaglimbag ng samu't saring kuru-kuro na hindi gaanong napagmumunihan. Ayon pa umano kay Nicolas, “Ang pagiging Magis ay hindi tumutukoy sa pagiging preokupado upang makikompitensya o magpagalingan sa iba kundi ang pagpapalalim sa antas ng pag-iisip ukol sa mga bagay.”

Bukod rito, ipinaalala ni Hofileña ang pagpapahalaga sa prinsipyo at karanasan ng etika sa pamamahayag. Pagdating sa mga larawan o video, may ilang sinusunod na konsiderasyong etikal ang pamamahayag lalo na kung masyado itong pribado at sensitibo. “Sa propesyunal na mamamahayag, may mga pamantayan. May code of ethics dahil hindi ka pwedeng basta-bastang magpalabas ng larawan o video kung masyadong madugo o graphic ang mga aksidente, disaster o may mga katawan na lasug-lasog dito.”

Para umano sa mga taong masyadong pinahahalagahan ang indibidwalidad, maaari nilang ilagay ang anumang nakalap nang walang pasubali sa sariling blog at website. Ayon sa kanya, maaari itong maging manipestasyon ng kawalang-konsiderasyon sa mga taong kasangkot at mga kapamilya. Ani Hofileña, “Nagdadalamhati na nga sila tapos makikita pa nila ang mga larawang ito.



BUKSAN NATIN ANG ATING MGA PINTUAN SA KUNG SINUMAN ANG NANDIYAN O MAY MATERIAL. –HOFILENA

Hindi makabubuti o makatutulong para sa kanila dahil baka maging traumatic."

Dahil dito, hindi umano maaaring ituring na mamamahayag ang lahat ng mga taong nakakakuha ng litrato ng isang kalamidad o aksidente na nagkataong naganap sa kanyang presensya. "Nagkataon lamang na naroon sila noong tamang panahon. Mas mataas ang mga inaasahan mula sa isang journalist."

BENEPISYO

Magkagayonman, kinakikitaan din ni Hofileña ng malaking potensyal ang citizen journalism. Aniya, may isa pang terminolohiyang hindi nalalayo sa konsepto ng citizen journalism na ginagamit para sa ganitong uri ng pamamahayag—crowd sourcing. Ito ay isang kolaborasyon ng mga peryodista at ng mga sibilyang may hawak ng datos para sa pamamahayag. Bukod umano sa mabilis na pagkuha ng datos, napalalaki rin nito ang sakop ng mga maaring pinanggagalingan ng impormasyon. "Bahagi sila ng crowd kahit pa blogger sa Facebook, Twitter, Flickr, o Youtube. Maaari nating kunin ang material doon lalo na kung makatutulong ito sa story-telling at mapalawig ito."
Kung mayroon man umanong maliit o malaking pagkakahawig o pagkakaiba sa dalawang terminolohiya, maaari namang makalampas mula rito. "Sabihin na lamang na naghanap lamang tayo ng ibang sources ng impormasyon bukod sa mga mamamahayag," aniya.

Isa pa umanong kagandahan ng ganitong pakikipagtulungan ng mga ordinaryong mamamayan ang pagkakaroon ng inisyatiba upang bigyang-aksiyon ang pinakamabibigat na suliranin sa isang komunidad dahil sa mga mismong naninirahan nanggagaling ang kwento. "Para sa isang citizen journalist, ramdam na ramdam nila ang pangangailangan sa kanilang barangay halimbawa ng malinis na tubig o regular na pangongolekta ng basura."

Dahil nananatili lamang umano dati sa mga propesyunal na mamamahayag ang mga potensyal na istorya, may tendensiya silang maipit sa paghahanap lagi ng bagong anggulo rito. Minsan naman, may mga isyu umanong hindi na napapansin dahil napakaliit ng saklaw nito. Dahil dito, "Hindi na nila papansinin iyon [mga isyu ng ordinaryong tao] ngunit dapat binibigyan ng atensyon kahit ang mga maliliit na tao at ang mga isyu na nakaaapekto sa nakararami." Kaya naman pumapasok sa ganitong mga kaso ang ordinaryong mamamayan.

Naniniwala din si Tolosa na sa isang banda, nagpapakita ang demokrasya kung saan mas madaling magsalita ang mga tao, na hindi nangangailangang dumaan sa pagsala ng mga malaking organisasyon kagaya ng mga naglalathala ng diyaryo at ng mga may hawak sa telebisyon. "Mabuti na nakapaglalabas ang mga tao na hindi nahaharang ng malalaking korporasyon o interes," aniya. Dahil dito, nabibigyang kapangyarihan umano ang indibidwal sa pamamagitan ng malayang pagpapahayag ng kanyang opinyon.

PAGTUTULUNGAN

Isang ehersisyo ng pagbubuo ng komunidad ang kolaborasyon ng citizen journalists at ng mga propesyunal na mamamahayag.

Kailangan ng ordinaryong mamamayan ang propesyunal sa ganitong larang upang maging malinaw sa kanila ang mga pangyayari. Ani Hofileña, "Ako bilang tagapagbasa o manunuod, kakailanganin ko pa rin at magiging mahalaga pa rin sa akin na may journalist na tutulungan ako para maintindihan nang masinsinan, makagawa ng kritika, at maturing kung ito ay seryoso o kung ito ay walang katuturan."

Sa isang banda, kailangan ng propesyunal na mamamahayag ang ordinaryong mamamayan para sa mas mabilis na pagkalap ng mahahalagang impormasyon at para sa mas malawak na saklaw ng pagbabalita. Hindi naisasantabi ang maliliit na tao lalo na kung isyu nila ang ipinaglalaban. Pagwawakas ni Hofileña, "Kung may nakita kang (ordinaryong mamamayan) mali, isumbong mo sa amin (mamamahayag) at bigyan mo kami ng tip na magsiyasat pa sa lugar o tao na ito."

Kung gayon, ang pagtatalaban ng kasanayan ng peryodista at ang inisyatiba ng mga mamamayan upang ipaabot ito sa kanila, na naglalaro sa konteksto ng katotohanan, ang pinakamagandang maaaring idulot ng citizen journalism sa atin. 

"ANG ISYU AY [KUNG] ANO ANG PAG-IISIP AT PANANALIKSIK NA NAPUPUNTA SA PAGSUSULAT." –DR. TOLOSA



Dugong Bughaw

AUTO-RECOVERY FILE

Pagpasan sa Nawawalang Kamusmusan

ni Jemika Kathryn Soledad
lapat ni Dylan Valerio

TILA ISANG MAGANDANG pagbabalik sa kamusmusan ang aking muling pagbabalik at pilit na paghahanap sa naisulat kong artikulo na nawala kasabay ng pagkamatay ng aking kompyuter. Pilit na pag-alala at pagbalik sa iba't ibang mukha ng kabataan na naisulat ko na kamakailan subalit naburang lahat.

Isang Auto-Recovery lang ang kailangan upang maibalik ang mga nasabi na at ang mga naisulat na. Subalit papaano kung sa muli mong pagbukas ng iyong kompyuter ay ang katotohanang nawala na ang lahat? Hawig ng kamusmusan ng dalawang batang aking naisulat na (subalit ikukuwentong muli) ang isang paghahalintulad sa pagkawala ng aking mga naipahayag na. Sapagkat ang patuloy na pagkabura ng kahulugan ng kamusmusan nila alinsabay sa pagkakabura ng kanilang maliliit na kuwento ang nagiging hudyat ng muling pagsubok sa pagbuo ng mga pangarap na naglalaho, na baka sakaling kayang ibalik ng isang sistema ng Auto-Recovery.

Dalawang batang taga-Cubao ang nagbigay kahulugan para sa akin ng salitang pagpasan. Pagpasan na parehong pisikal at patalinghaga. Sila ang mga word file na binubuo ng pagtipa sa kompyuter, subalit ang kabataan nila ang unti-unting binubura o 'di kaya nakakaligtaan na sanhi ng pagmamadali na maaaring sarili nilang pasimuno o maaari ring hindi sadya subalit tawag ng pagkakataon.

SI MARK* AT ANDRE*

Si Mark. Isang batang taga-Cubao. Maliit



para sa kaniyang edad subalit napakamasayahin. Mahilig siyang tumalon sa mga ate at kuya at magpabuhat. Subalit, mas mahilig siyang lumambitin sa bakal ng basketball court sa isang paaralan sa Cubao tuwing play therapy. Sa dami ng mga bata sa bawat erya tuwing Sabado, isang tulad ni Mark ang nakaantig sa aking puso. Minsan niya akong pilit buhatin habang nag-eerya sa Cubao sa pamamagitan ng pagbuhat gamit ang kanyang maliliit na mga braso at likuran, subalit sa aking takot na magkabali-bali ang kanyang payat na mga buto, tumugon akong huwag niyang ituloy ang kaniyang balak. Buong pagmamayabang niya isinigaw na kayang-kaya niya ako buhatin. Tila ordinaryong pagmamayabang ng isang bata, subalit may mas malalim na pinanghuhugutan.

Sanay na raw siya magbuhat ng mabibigat sapagkat sa kanilang tahanan, kuya siya. Sa mga pagkakataong wala ang kanilang mga magulang sa bahay, siya ang nag-aalaga sa mga nakababata niyang kapatid. Ayon kay Mark, ang nagpapalakas sa kaniyang maliliit na braso ay ang madalas na pagbubuhat ng balde balde o container ng tubig. Ang pag-iigib at pagdadala nito sa kanilang bahay ay nakagisnan na niya. Tinanong ko kung wala nang iba pang pwede magbuhat ng balde ng tubig at ayon sa kaniya, wala kadalasan ang kaniyang mga magulang sa bahay at buntis naman ang kaniyang tita. Hindi rin niya maasahan ang mga kapatid sapagkat mga babae ito at nakababata pa.

Si Andre. Kakilala at marahil kalaro rin ni Mark. Isa siya sa pinakamakulit na bata sa kanilang lugar. May Attention Deficit Hyperactivity Disorder (ADHD) daw kase siya. Hindi siya mapalagay sa isang lugar lamang at kailangang palagi nangungulit o dili kaya'y hindi nakikinig. Kung kaya mahirap siya suwayin. Dati ko pa siya pilit na iniintindi tuwing nasa Cubao kami at nag-eerya. Minsan isang hapon, nilagyan niya ang kaniyang mga kamay ng chalk dust mula sa pisara at nilagay niya sa kaniyang mukha na parang pulbos. Pagkatapos ay kami naman ang nilagyan niya sa mukha. Kadalasan, siya ang makikitang patuloy na nag-iikot habang ang ibang mga bata ay tuluyan nang napa-upo at napatahimik. Kung tutuusin, marami pang ibang alala kay Andre at malimit na hindi ito kaaya-aya.

Nung minsang may dental mission sa kanilang lugar na pinangunahan ng organisasyong kinabibilangan ko, isa si Andre sa may pribelehiyo na makinabang sa libreng bunot o linis ng ngipin. Subalit ayaw ni Andre kahit anong pilit namin sa kaniya. Akala ko natatakot lang siyang magpabunot ng ngipin o takot sa maaaring kahinatnang binat pagkatapos ng pagbunot lalo na't binalaan namin sila sa mga puwede at hindi puwedeng pagkain at aktibidad para sa mga nabunutan ng ngipin.

"Bawal magbuhat ng mabibigat kapag nabunutan."

"Kung ganoon, hindi nalang ako magpapabunot. Sumasama kasi ako sa tito ko magbuhat ng mga prutas sa palengke. Eh trak-trak yun.", ika ng batang si Andre sabay umikut-ikot uli bilang hindi mapalagay.


NAWAWALANG KAMUSMUSAN

Hindi lang dadalawa ang kuwento kundi napakarami pang iba't ibang uri ng masalimuot na dulot ng pagkawala ng kamusmusan ang mayroon tayo. Hindi lang sa Cubao kundi sa iba't ibang sulok ng Pilipinas, maraming bata ang patuloy na napapaaga ang pagtanda dahil sa kanilang kalagayan.

Dalawang kuwento ng pagpasan. Isa, tapang at lakas ang dulot ng pagbubuhat sa maliliit niyang balikat ng mga responsibilidad niya bilang anak at kapatid samantalang ang isa naman ang pag-usbong ng pagkatakot sa ideya na mahinto ang kaniyang pagpasan, kasabay ang kaniyang nasasakripisyong kamusmusan. Hindi madali na ipaintindi na ang unti-unting pagkakabura ng kamusmusan ng mga kabataang ito ay napapabilis ng pag-ako nila sa mga responsibilidad na lampas sa kanilang mga sarili. Nagiging tila mga dokumento silang isinusulat na naaapura ang pagtatapos sapagkat ganito ang dikta ng pagkakataon.

Hindi lamang malungkot o mahirap na kamusmusan ang dinaranas ng napakaraming batang Pilipino. Iilan lamang ang child labor o sapilitang pagpagawa sa mga bata at paghinto sa pag-aaral sa mga isyu na iniikutan ng mga kuwento ng mga musmos sa ating bansa. Dahil dito, tila isang sistema ng auto-recovery na kayang bigyang saysay ang muling pagbabalik ng kabataan nila ang kinakailangan upang pigilan ang kamusmusan na patuloy na dumudulas mula sa mga maliit na kamay nina Mark at Andre. Isang sistema na magbabalik sa kanila sa paglambitin sa mga bakal sa basketball court ng Cubao o sa patuloy na pagtakbo habang punung-puno ng chalk ang kanilang mga kamay. Isang sistema na magiging pag-asa ng kabataang Pilipino na huminto sa pagpasan at ipagpatuloy ang pagiging bata.

Si Jemika Kathryn Soledad ay nasa kaniyang ika-apat na taon sa kursong Agham Pampulitika. Kasalukuyan siyang Presidente ng Council of Organizations of the Ateneo (COA).



MAHIRAP NA BA MAPA "LAGAY"?

ni Hansley Juliano
kuha at lapat ni Jake Dolosa

NAGMAMAMADALI kang sumakay ng bus, dyip o kaya'y taxi sapagka't mahuhuli ka na. Biglang liliko ang iyong sinasakyan at... PRRRRT!

Pinatabi kayo ng unipormadong mama at maririnig mo ang tawaran niya at ng tsuper. Kapag ayaw niya ng gulo, mag-aaabot siya ng "kahel," "pula," o "ube." Nguni't kung matigas siya't gipit ang kita, makukumpiska ang lisensya't mapipilitan kayo lahat na bumaba't humanap ng bagong masasakayan.

Hindi ito isang kakaibang eksena para sa matagal nang namamasahe. Kung minsan, may nagmamaneho ng sariling sasakyan na nakaranas nito. Nakakatuksong lusutan ang isang paglabag sa batas-trapiko sa pamamagitan ng paglalagay. Mas madali kapag namataan ng mga "buwayang" kawani ng kalsada kung magbibigay na lamang ng salapi.

Gayunman, hindi maliit na bagay lamang ang ganitong problema't perwisyo. Bagaman itinuturing ng marami ang pangongotong na isang malaking suliranin sa sistema ng trapiko sa lansangan, kailangang maunawaan na bunga ito ng kultura ng pagpapabaya, pagpapaubaya't di-mabuting ugnayan ng mga batas at institusyon sa mga tao.

Maaarte rin iyang mga enforcer na iyan: nagmamalinis pa. Nakita mo't pinatabi tayo sa medyo madilim, gusto ring makaiskor niyan e. – Tsuper ng Taxi

Tampulan natin ang pangingikil bilang pangunahing "raket" ng tiwaling pulis. Subali't sa pagbabago ng panahon at sistema ng mga lokal na pamahalaan, tila unti-unting nilang inaalis ang ganitong imahen.

Sa pakikipanayam ng Matanglawin sa mga kawani* ng Station Investigative and Detention Management Division (SIDMD) ng Philippine National Police sa Lungsod ng Muntinlupa, kanilang nilinaw na magagawa lamang ng pulis na magpanatili ng kaayusan sa lansangan kung inatasan ng Land Transportation Office (LTO). Sa kasalukuyan, gawi na sa mga lokal na pamahalaan na magtalaga ng sariling traffic management bureau (TMB) para sa ganitong tungkulin.

Mas mahirap minsan pag TMB ang tumiklo sa iyo: mga bataan pa ng mayor yan. Mas nagtitiwala pa ko sa pulis minsan kasi alam mo walang protektor e: yari siya kaagad. – Tsuper ng Dyip

Dagdag ng SIDMD, nagmamasid lang ang pulis sa lagay ng trapiko kung sila'y rumoronda o kaya'y italaga sa mga checkpoint na daanan ng malalaking kargamento. Hindi sila basta makakapanghuli ng taong lumalabag sa batas-trapiko; dapat nilang dalhin ang nagkasala sa isang kawani ng TMB upang ito'y mabigyan ng kaukulang parusa (katulad ng tiket o multa).

Sinikap naming kausapin ang mga pinuno ng Muntinlupa Traffic Management Bureau (MTMB) ukol sa kanilang polisiya't tugon sa kaso ng pangongotong o paglalagay, nguni't hindi sila nakatugon.

Hindi namin masisi yung mga tauhan namin: binabato sila basta ng pera nung mga tsuper o yung mga nagmamaneho ng mga trak. Pag pupulutin iisipin nangotong sila. Bantay-sarado namin ang tao namin. –Muntinlupa SIDMD


Bagaman sinabi ng SIDMD na hindi na madali para sa kapulisan na mangikil sa karaniwang motorista, hindi nila itinatangging mayroon pa ring mga pulis na gumagawa nito. Liban pa sa mga kaso ng mga pulis na biglang sinusuhulan ng pera, tinitiyak nilang mapaparusahan ang nahuhuling nangongotong.

Anila, "Bukas kami sa pag-uulat ng mga karaniwang mamamayan ukol sa mga kaso ng pangongotong." Layon ng programang "Hepe Ko, Ka-text Ko" (kung saan takdang ipinamamahagi sa mga tao ang bilang ng cellphone ng hepe ng lokalidad) na malaman kaagad ng mga kawani ng pulis ang mga krimeng nagaganap sa paligid.

Maaari ring magsampa ang biktima ng nangongotong na pulis sa SIDMD ng pinakamalapit na presinto, o sa District Investigative Management Division sa Fort Bonifacio. Kung kawani ng TMB ang maysala, maaari silang lumapit sa SIDMD upang sabihan ang TMB na kastiguhin ang nagkasala. Kung mapatunayang nagkasala ang pulis o kawani, kagya't sususpindihin ang kanilang sahod at papatawan ng dagdag na oras ng trabaho.

Higit sa lahat, pinaalalahanan ng SIDMD ang mga tao na huwag matakot tumangging maglagay. "Madaling lusutan ang pagkakasala, pero kung nais ninyong ang inyong pulis ay mapagkakatiwalaan, huwag niyong tuksuhin. Kung pipilitin nila kayo, isumbong niyo sila sa amin." Totoo: kung paanong walang alipin pag walang mang-aalipin, wala ring magpalalagay pag walang naglagay.

**itinago ang mga pangalan ng mga kawani ng Muntinlupa SIDMD upang pangalagaan ang kanilang pagkatao't ang kanilang opisina.*



TAKBUHAN NG MGA ALANGANIN O ALANGANING TAKBUHAN?

Ang direksyong tinatahak ng Ateneo Student Judicial Court (SJC)

ni Robee Marie Ilagan
sining ni Jam Chuah
lapat ni Eldridge Tan

PALAGIANG IBINABATO sa komunidad ng Ateneo ang kahinaan ng politika at partisipasyon ng mga mag-aaral. Tuluyang nagkakaroon ng implikasyon sa mga organisasyong nagnanais magdulot ng pagkilos ang ganitong puna. Ang malaking tanong kung susumahin ay hindi lamang ang kakulangan sa pagkilos na lumalala kundi ang maingay at mainam na pagpapakilala ng mga organisasyong dapat pinagmumulan ng pagkilos at istriktong pagsubaybay kagaya ng Student Judicial Court (SJC).

MANDATO AT TRABAHO NG SJC

Ayon kay Robert Beltejar, ang punong mahistrado ng SJC, nabuo at patuloy na umiiral ang SJC ayon sa ika-13 Artikulo ng Saligang Batas ng Paaralang Loyola (ikalimang edisyon). Misyon umano nilang maipakita sa buong komunidad ang tunay na pananagutan ng Sanggunian ng mga Mag-aaral ng mga Paraalang Loyola ng Pamantasang Ateneo de Manila (Sanggunian). "Ang pinakamandato namin ay bantayan ang legalidad ng mga ginagawa ng Sanggu. Basically watchdog kami kung tutuusin mo, para kaming Korte Suprema ng Loyola Schools at tiniting-nan namin ang legalidad nila alinsunod sa Saligang Batas," aniya.

Kasalukuyang naghahain ang SJC ng mga programang naglalayong magbigay tulong sa mga Atenista. Isang proyektong inaasahan nilang magdudulot ng serbisyo sa komunidad ang kanilang pagpapayong legal (legal counseling) "na pwedeng hingan ng tulong [ang SJC], [dahil kami ay mga] estudyanteng alam na alam ang batas at alam na alam kung pano gamitin ang batas upang makatulong."

Binigyang-linaw ni Beltejar ang dalawang pangunahing gumaganap sa SJC–prosekyutor at mahistrado. Mainam umanong magkaroon ng malinaw na separasyon ang dalawa lalo na sa pagdinig sa mga kaso. Ang mga prosekyutor ang siyang mag-iimbestiga samantalang ang mga mahistrado ang nagdedesisyon sa kaso. Dagdag pa niya, "Kasi kung kami [mahistrado] yung magdedesisyon, hindi kami pwedeng mag-imbestiga kasi parang ikaw ang hahatol tapos ikaw din naman ang nag-imbestiga, hindi yun pwede." Maaari umanong sumangguni ang prosekyutor sa mahistrado tungkol sa interpretasyon ng batas, sa maaaring depensa at sa kontekstong kinapapalooban ng kaso.

Saad ni Beltejar, "Nandito kami (SJC) para papayakin ang mga bagay. Para gawing simple ang mga bagay na mahirap intindihin lalo na pagdating sa legalidad at konstitusyon."

RELASYONG SJC AT SANGGUNIAN

Itinuturing ang SJC bilang isa sa mga institusyong nagsisilibing tsek ng Sanggunian. Ayon sa kasalukyang Presidente ng Sanggunian na si Rob Roque, "Ang kanilang (SJC) trabaho ay ang siguraduhing ginagawa namin ang trabaho namin. Kumbaga, pang check and balance; sila ang naghahawak ng mga kaso ng impeachment at constitutionality ng mga bagay." Binigyang-diin din niya ang pagkakaroon ng ganap na awtonomiya ng SJC mula sa Sanggunian.

Ayon sa konsititusyon, mayroong mga ulat na dapat ilabas ang Sanggunian at ipakita sa SJC upang higit na makita ang

MAHIRAP [ANG PAGPAPALAKAS SA SJC] KASI SA ISANG ESKWELAHAN NA NAHIHIRAPAN NA NGANG TINGNAN ANG SANGGUNIAN LALONG MAHIRAP PARA SA INSTITUSYONG KAHIWALAY NG SANGGUNIAN AT NAROON LAMANG PARA SA SANGGUNIAN.
—ROB ROQUE

pagiging matuwid ng administrasyon. Kabilang dito ang buwanang ulat sa pananalapi.

Ani Roque, tanging sa pagpili ng mga mahistrado ang kanilang direktang ugnayan ng SJC. Nagaganap umano ito sa pagitan ng tatlong pangunahing sangay ng pamahalaang pampamantasan: Sanggunian bilang ehekutibo, Central Board (CB) bilang lehislatibo, at SJC bilang hudikatura. Nabanggit niyang, "Ang nangyayari talaga, parang sa totoong buhay, naglalatag sila [SJC] ng nominees tapos pipili ang mga kinatawan ng CB na nasa ikaapat na taon na." Kumakatawan umano sa buong Sanggunian ang anumang desisyon ng CB.

WALANG NANGYAYARI

Sa kabila ng ugnayan sa pagitan ng tatlong sangay ng pamahalaang pang-mag-aaral, nakikita pa rin ng Sanggunian ang kahinaan nito. Saad ni Roque, "Mahirap [ang pagpapalakas sa SJC] kasi sa isang eskwelahan na nahihirapan na ngang tingnan ang Sanggunian, lalong mahirap para sa institusyong kahiwalay ng Sanggunian at naroon lamang para sa Sanggunian."

Bukod sa mahinang partisipasyon sa loob mismo ng konteksto ng Sanggunian, isang katanungan rin ang kahinaan ng SJC pagdating sa mga kaso ng Atenista. Ayon kay Beltejar, "Kung walang magrereklamo anong mangyayari? Kung wala magrereklamo, wala kaming sosolusyunan at diringgin." Dagdag niya, "Naririnig natin malimit sa eleksyon yung transparency at accountability pero kapag nandoon na tayo talaga sa school year napakadalang ng mga taong nagsasabing bakit ganyan ang parking sa Ateneo, bakit ganyan napakalaki ng gastos para sa ganitong event."

Kung tatahiin at susundan ang pinagmumulan ng kahinaang taglay ng makinarya ng SJC, maaaring mag-ugat umano ang mga ito sa sistema at kulturang umiiral sa politika ng Ateneo. Paliwanag ni Leiron Martija, Office for Research and Advocacy Head ng The Assembly, "Kung sakaling bumababa yung campus politics, hindi na kasalanan ng SJC 'yon. Kasalanan ng mga organisasyon na naisasantabi na 'yon. Tawag din ito sa mga political organizations para magising ulit ang campus politics."

Ibinahagi nina Beltejar at Roque ang ginampanan ng SJC sa kaso ni Karl Satinitigan tatlong taon na ang nakakaraan. Ayon kay Roque, "Noong panahong iyon matindi pa ang politika sa dalawang partido. Kasi kung ang magdedesisyon ay ang Sanggu board, mahahaluan ng kulay politika, pero dahil independyente ang SJC, walang politika." Pinanghihinayangan ni Beltejar na tatlong taon na mula nang huling maramdaman ang pag-iral ng SJC. Noon umanong isang taon, mayroong kasong inilapit tungkol sa mga kontrobersiya sa nakaraang eleksyong pampamantasan subalit hindi ito itinuloy ng nagsampa ng kaso.

Sa tingin ni Martija, nananatiling nakakulong ang sistema sa pagpapanatiling mahina ng diskurso sa mga kasong may kinalaman sa disiplina (disciplinary cases) ng mismong Ateneo, "kasama na ang labis na pagbibigay-pansin sa burukrasyang higit na pinagtutuunan ng pansin ng Sanggunian." Masasabi umanong kulang sa politika ang pamantasan subalit kulang din ang makinarya upang higit na paigtingin ito. Bagaman naglalabas sila ng mga puna at sariling opinyon sa mga isyu katulad na lamang ng pagtatalaga kay Corona bilang bagong Punong hukom, "naroon lang siya sa Sanggu board."




ISANG PAGHAMON

Sa likod ng lahat ng isyu ng mahinang politika, aminado ang SJC sa kanilang kakulangan. Nabanggit ni Beltejar na, "Ang problema kasi noon ay pinangatawanan ng SJC ang pilosopiya ng mga korte sa Pilipinas na dapat hiwalay sa mga tao, upang hindi maapektuhan ang integridad ng desisyon."

Kritikal din si Beltejar sa kakulangan sa inisyatibo ng mga kapwa mag-aaral. Aniya, "Natatawa ako minsan sapagkat may naririnig akong ibang mag-aaral na nagsasabing 'bakit ba ganyan ang Sanggunian? Bakit ba walang ginagawa ang Sanggunian?' nang hindi lamang nila naiiisip na maaari nilang baguhin ito. Maaari silang lumapit sa amin upang malaman kung paaano mapasisidhi ang pagbabago ng pamahalaan." Ikinumpara rin niya ang unti-unting pagkawala ng mga reklamo at paglilinaw sa sistema ng pamamahala ng Sanggunian.

Nagpahayag din ng paghamon si Roque na kumakatawan sa Sanggunian. Sabi niya, "Sana mapag-aralan pa nila [SJC] kung paano sila makapagbibigay ng direktang serbisyo sa mga mag-aaral."

Ayon naman kay Martija, kinakailangan ng SJC ng pagmamasid sa kalagayan ng mga mag-aaral. Aniya, "Balikan nila (SJC) ang mga estudyante. Kapag nandoon na sila [sa burukrasya], hindi na sila maabot, parang mga SUV na may wang wang. Dapat magpakilala pa sila sa mga studyante." 



Sa tambolistang masayang maitatawid ang pananghalian

Titik ni Gerald Pascua,
Likhang-sining ni Jeudi Garibay

I. Hinampas ang tambol
at narinig ang ungol,
mga kalyadong palad
lumalatay sa katad.

II. Pagkatapos.
Namalimos.
(naabutan ng five pesos)

III. Ninamnam ng palad ang malamig na barya
Isinubo sa alkansya
- gilit na nakanganga,
plok.

At dumighay ng kalansing ang lata.

IV. Lumisang may busog na ngiti ang bata.

Umbra

Ramon Damasing

Sa isang iglap, naglipana ang mga mata
sa bintana ng mga gusali't
tumitig sa langit. Umapuhap sa rilim

ang paningin. Umapaw sa tanglaw ng isang bulalakaw
ang mga daang sumisingaw. At wari bumalik
ang sangkatauhan sa sinapupunan

ng panahon. Walang magawa ang mga manggagawa
ng mga ilaw-poste, kundi baybayin ang linyang humahati
sa kalawakang humihimig. Bumubulong.

Subalit hindi lalagos sa alangaang ang kanilang
hininga. Dagling dumilim ang siyudad. Sa sandali,
bumalik sa pananalig ang paningin: sandaling dumaig

sa daigdig ang pag-ugong ng mga kuliglig.

Balintataw

Patrick Austin Manalo

Dumungaw ako sa bintana ng aking silid na habang-buhay kong pinagsisihan. Tanghali, at hawak ko ang aking panulat upang lumikha ng tula: May naghihintay na korona ng patay sa dulo ng paglalakbay na magtatapos sa marahang dantay. Tumatagos sa manipis na kurtinang seda ang sinag ng araw, na lumilikha ng malasapot na anino sa malamig na sahig na walang pumapansin bukod sa langgam na namamaybay sa panulukan kung saan nagtatagpo ang sahig at dingding, at ang walis na nagsasaayos, bukod pa sa suwelas ng sapatos at ilalim ng tsinelas na tumatapak upang mabuhay. Nais kong damhin ang buhay ng sahig, ngunit tinawag ng mahinang tuktok sa bintana ng ibong maya ang aking pansin. Tumayo ako mula sa silyang aking inuupuan at marahang lumakad patungong bintana. Muling nabuhay ang sahig. Nang hawiin ko ang manipis na kurtina ay nakita kong may dalawang tao sa hardin. Hawak ni lalaki ang kamay ni babae, samantalang may tinitingnan sa mga palad ng huli. Basa ang buong katawan ni babae, at dahil may languyan sa bakuran ay iisa lamang ang aking naisip. Hinawakan ng utusan ang baywang ni ate at niyakap ito nang mahigpit. Nagbago ang aking pananaw sa buhay. At nangako ako sa sariling hinding-hindi na muling dudungaw sa bintanang makasalanan.

Jejemon

Jed Elroy Rendor

Tangan niya
ang kaniyang
lola
rito sa siksikang
jeep.
Humahalo sa mainit
na hangin
ang amoy
ng naghalong
katandaan at
ng dextrose.

Alam mong
kalalabas niya
lamang sa ospital.
Kalalabas
pa lamang ng lola
sa ospital.

Kung gaano
tila-kaliskis
ng balat
ng ahas
ang disenyo
ng kaniyang sumbrerong
may bakas
ng bahaghari
sa telong
kulay itim,
ganoon din
kakulubot
ang balat
ng kaniyang lola
na naghihingalo pa
dahil sa init ng araw.

Tanghaling tapat
at ang sombrero
niyang
naging paksa
ng pangungutya
ang tangi niyang
timbulan
ang tangi niyang
potensiya
maihatid lang
ang kaniyang lola
papauwi sa kanila.


Mahaba
ang kaniyang mukha.
Malayo pa
ang babaan nila.

Tenista Nga!



Sa hirap na ba ang school?
WEAK ka kasi!
Dala ka dapat NITO!
ULOL! Mag-isa ka!
Kuya lens cap nyo po...
DSLR para sa High Def notes!



Good Morning Class....
W.T.F!
WRRRRR...
ABSENT
Prof na may maraming "quotable quotes"?
RECORDER lang katapat nyan!
sa orals just press PLAY
P.S. mag-ingat lang na 'di ma-EJECT sa



Mainit? May hot na chicks? gusto mo matulog pero may class?
SHADES!
Zzzz..

Fluffeh
Bunneh
Pero ito ang pinaka kailangan mo sa lahat!
SAPATOS!!!
para habulin ang prof pag late na paper mo
para ihabol ang rosas sa nililigawan mo
ang guard na naghahanap ng I.D.
ang mga D.O.M. at cougars sa school...





www.matanglawin.org